ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# PAGSUSURI SA GINAMIT NA TAYUTAY SA MGA PILING TULA NI JOSE CORAZON DE JESUS: ISANG DISKURSONG PAGSUSURI

**Kysha Kyl T. Cabasag[1], Conie B. Cerna, MAEd[2]**
[1]ORCID No. 0009-0002-1196-1117
*Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines*
[2]ORCID No. 0009-0008-1170-3234
*Research Adviser, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra19811**
**DOI No: 10.36713/epra19811**

## ABSTRAK

*Ang pananaliksik na ito ay naglalayong makagawa ng isang pagsusuri sa mga uri ng tayutay at epekto nito sa pagbuo ng kahulugan sa isang tula. Ang pananaliksik na ito ay ginamitan ng kwalitatibong pamamaraan gamit ang dulog na diskursong pagsusuri (discourse analysis) upang makagawa ng pagsusuri at pag-aanalisa sa 51 na tula bilang korpora na gagamitin sa pag-aaral na nakalap mula sa lipon ng mga tula ni Jose Corazon de Jesus. Batay sa resulta, napag-alamang, una, mayroong labing-anim (16) na tayutay ang namukod sa ginawang pagsusuri sa mga piling tula tulad ng pagtutulad, pagbibigay-katauhan, pagmamalabis, paghihimig, pagpapalit-tawag, pagtawag, pagwawangis, aliterasyon, anapora, anadiplosis, pag-uyam, pagtatambis, pagpapalit-saklaw, pangitain, paglumanay at pagtatanong. Ikalawa, ang epekto sa pagkakaroon ng kaalaman sa tayutay sa pagbuo ng kahulugan sa isang tula ay nakapagpapahayag ng kaisipan, nakapagpapahayag ng damdamin, nakapagdadagdag ng kagandahan sa tula, nakapagdadagdag ng kabisaan sa likha at nakapagbibigay simbolismo. Sa pananaliksik na ito, madadagdagan at mapapabuti ang kaalaman sa pagtukoy ng tayutay sa isang tula at epekto nito sa pagbuo ng kahulugan sa isang tula.*

**MGA SUSING SALITA:** *Uri ng tayutay, Diskursong pagsusuri (Discourse analysis), Jose Corazon de Jesus, Tula, Epekto sa tula*

## INTRODUKSYON

Sa pagsusuri ng tula, kinakailangan ng mahusay at malalimang pagbasa upang magkaroon ng malawak na komprehensyon at matutong sumuri sa mga elementong nakapaloob dito. Ang pagkakaroon ng sapat na kaalaman sa wika ng panitikan ay mahalaga upang ganap na maunawaan ang nilalaman ng isang akdang pampanitikan. Upang maging bihasa sa wika, kinakailangan ding maunawaan ang mga tayutay, sapagkat kapag ito ay nauunawaan, mas madaling mababatid ang tunay na kahulugan, mensahe, at tema ng akda. (Almario, 1991).

Sa bansang Estados Unidos, lumalabas sa pag-aaral na ang kinakaharap na hamon ng mga mag-aaral ay ang maayos na pag-unawa mismo ng bawat saknong o taludtod ng tula. Ito ay marahil sa nakapaloob na mga matatalinghaga at kaakit-akit na salita o pahayag tulad ng tayutay na naging mahalaga rin dahil sa kanilang taglay na kasiningan at bisa sa isang tula. (Crasher, 2018). Sa bansang China, natuklasan din sa isang pag-aaral na nahihirapang unawain at suriin ng mga mag-aaral ang mga tayutay na matatagpuan sa tula. Napansin din na mayroon silang seryosong suliranin sa kaalamang pangwika, lalo na sa mga tulang nag-uumapaw sa masisining at mabibigat na tayutay. (Xiao, 2018).

Sa Pilipinas, lumalabas sa pag-aaral na nadadalian ang mga mag-aaral sa pagsusuri ng sukat ng tula samantalang

katamtaman naman silang nahihirapan sa pagsusuri ng tono, tugma at matatalinghagang salita tulad na lamang ng tayutay. Ito ay dahil ang isang tayutay ay kinakailangan ng masusing pagsusuri at malawak na kaalaman hinggil dito. Nilalayon nito na matukoy ang mga salik na nakaaapekto sa kakayahan sa pag-aanalisa ng tula at mapahusay ang kakayahan ng mag-aaral sa pagbibigay-kahulugan sa mga tayutay, simbolismo, at talinghaga. (Angel, 2019).

Ang pananaliksik na ito ay kinakailangang maisagawa dahil ito ay lubos na mahalaga sa larangan ng panitikan at upang malaman o masuri ang mga uri ng tayutay na nakapaloob sa isang tula. Mayroon ding agarang pangangailangan na isagawa ang pag-aaral na ito dahil kinakailangan ng tayutay ang isang akda upang matawag itong tula dahil sa taglay nitong kariktan, sining at talinghaga. Kaya naman, nais ng mananaliksik na tuklasin at suriin ang mga tayutay na ginamit sa isang tula upang mas maging kaakit-akit ang akdang pampanitikan sa mga mambabasang nais itong basahin. Sa akademikong aspekto, magiging gabay ang pananaliksik na ito upang higit na mapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa pagtukoy at paggamit ng tayutay na siyang makatutulong sa paglikha ng tula. Higit pa, ang pagiging sanay at pagkakaroon ng kaalaman sa paggamit ng tayutay ay nagbibigay daan para

sa mas malalim na pagsusuri at pag-unlad sa larangan ng panitikan.
Bagaman may mga naunang mananaliksik na nagsagawa ng pag-aaral tungkol sa tayutay, tulad ng pag-aaral nina Canoy et al. (2022) na sinuri ang mga tayutay o matatalinghagang pahayag sa mga awitin na nagpakita ng mga pinakagamiting uri ng tayutay, sa ang pag-aaral naman ni Salameh (2012), na nagpapakita rin ng katulad na resulta na kung saan mahigit 40% ng mga kalahok ang nagpakita ng mababang kakayahan o antas sa pagsusuri at pag-aanalisa ng retorika at tayutay gayundin sa pag-aaral ni Gule (2020) na sinuri ang mga nangingibabaw na antas ng wika, uri ng pananaw, paraan ng paglalarawan, at iba't ibang uri ng tayutay sa ibat-ibang hugot lines. Gayunpaman, layunin pa rin ng mananaliksik na tuklasin ang konsepto ng tayutay, ngunit hindi na ito nakasentro sa kakayahan ng mga mag-aaral na unawain ang tayutay sa mga awitin at hugot lines. Sa halip, ang pag-aaral ay nakatuon na sa pag-aanalisa sa mga tayutay na matatagpuan sa mga piling tula ng bantog na makatang Pilipino, si Jose Corazon de Jesus.

Ang plano para sa pagpapakalat ng pananaliksik hinggil sa pagsusuri sa ginamit na tayutay sa mga piling tula ni Jose Corazon de Jesus ay naglalayon na maabot ang malaking uri ng madla at pabilisin ang mas malalalim na pag-unawa sa sa tayutay na nakapaloob sa tula at ang galing ng makatang si Jose Corazon de Jesus sa paghabi at paggamit ng matatalinghagang salita. Upang mapadaling mapalawak ang pag-aaral, isasagawa ang isang serye ng mga pampublikong talakayan o seminar sa mga paaralan na pumapaksa sa pagkatuto ng tayutay upang maiparating sa mas malawak na mga indibidwal na magtutulak ng isang interdisiplinaryong palitan ng ideya. Sa tulong ng mga kumperensya, pagsasapubliko ng papel at ng mga modernong teknolohiya, partikular na ang *YouTube, Facebook, Blogs,* atbp., ang pag-aaral ay maaaring maaabot ang malaking saklaw ng madla at maitaguyod ang yaman ng kulturang pampanitikan na nakaugat sa tayutay ng mga piling tula ng makatang si Jose Corazon de Jesus.

### Layunin ng Pag-aaral
Nilalayon ng kwalitatibong pag-aaral na ito na gumawa ng diskursong pagsusuri na nakatuon sa mga tayutay na ginamit sa piling tula ng makatang si Jose Corazon de Jesus. Dagdag pa rito, hangarin ng pananaliksik na tukuyin at suriin ang mga tayutay na ginamit sa akdang tula at ipaliwanag kung paano nakatutulong ang pagkakaroon ng kabatiran sa mga tayutay sa paghubog ng kahulugan ng tula. Ang paggamit ng tayutay sa isang tula ay mahalaga upang ito'y maging masining at kaakit-akit sa mga mambabasa.

Sa pag-aaral na ito kinakailangan ng mataas na antas sa pagsusuri at kaalaman sa pagtukoy ng mga tayutay na ginamit sa piling tula ni Jose Corazon de Jesus at angkop na pagbigay ng kahulugan mula sa taludtod o saknong. Mahalagang magkaroon tayo ng malalim na kaalaman sa wika ng panitikan upang mas maunawaan ang isang akdang pampanitikan. Ito ay marahil sa pamamagitan ng pagsusuri at pagkakaroon ng kaalaman sa mga elemento ng panitikan, mas malalim na mauunawaan ang likas na kahulugan, layunin at diwa ng isang akda. Samakatuwid, nais pagtuonan ng pansin ng mananaliksik ang pagtukoy ng mga tayutay sa isang tula sa kadahilanang isa rin ang mananaliksik sa nakasubok at nakararanas ng kahirapan na matukoy at makaunawa sa mga masisining at kaakit-akit na mga tayutay.

### Mga Tanong ng Pananaliksik
1. Ano ang mga tayutay na ginamit sa mga piling tula ni Jose Corazon De Jesus?
2. Paano nakaiimpluwensya ang kaalaman sa paggamit ng mga tayutay sa paghubog ng kahulugan sa isang tula?

## METODO
### Disenyo
Ginamit ang kwalitatibong pananaliksik sa pag-aaral na ito na nakatuon sa Diskursong Pagsusuri (Discourse Analysis) bilang metodo. Ang kwalitatibong pag-aaral na ito ay naglalayong makuha ang malalim na pag-unawa sa akdang panitikan. Ito rin ay naglalahad ng detalyadong pananaw ng mga tao, teksto, mga hinaing, at konteksto na nabuo mula sa pananaw ng mga kalahok, hindi mula sa mananaliksik (Abram, 2014).

Ang kwalitatibong pananaliksik ay naaayon sa layunin ng mananaliksik na masuri at mabigyang kahulugan ang korporang tula ng pag-aaral. Sa pagdaragdag, nakabatay sa mga nabuong temang pampakay sa pagsusuri sa nakuhang impormasyon. Bukod pa, ang pag-aaral na ito ay hindi gumagamit ng mga numerikal na metodo, bagkus ay tutumpok sa implikasyon ng pagsusuri, pagsisiyasat, at pagbibigay kahulugan sa mga akdang pampanitikan upang magtamo ng makabuluhang kaalaman, katuturan, at kaisipan.

Nagbibigay-tuon din ang pag-aaral sa paggamit ng Diskursong Pagsusuri, isang kwalitatibong pamamaraan. Ang diskursong pagsusuri ay isang sikat na paraan ng pananaliksik sa mga teksto na may dalawang uri, ito ay ang: pormal at functional na modelo. Sa pormal na modelo, itinuturing ang diskursong pagsusuri bilang isang paraan upang pagtuunan ng pansin ang wika, na nakatuon sa mga bahagi at piraso ng isang teksto, sa halip na sa kabuoang pangungusap o talata. Kaya naman, nakatutulong itong makilala ang tayutay sa bawat taludtod sa mga piling tula ni Jose Corazon de Jesus. Samantala, ang functional na modelo naman ay hindi nakatuon sa kabuoan ng relasyon ng mga bahagi o piraso ng teksto, kundi mas tumutuon ito sa epekto at gamit ng tayutay upang matulungan ang mga mag-aaral na maunawaan ang mensahe ng isang tula (Mahmud, 2016).

Samakatuwid, ang diskursong pagsusuri ay angkop na dulog sa pag-aaral at pagsusuri sa mga piling tula. Ipinapakita ng dulog na ito kung paano nagkakaugnay ang wika at ng konteksto kung saan ito ginagamit. Dagdag pa, ang diskursong pagsusuri ay ginamit upang tukuyin, suriin at ipaliwanag ang tayutay na ginamit ng makata sa kanyang mga tula. Magiging modelo ang diskursong pagsusuri upang maisakatuparan ng mananaliksik ang layunin ng pagtukoy ng mga matatalinghagang salita at epekto ng pagkakaroon ng kaalaman sa tayutay.

### Pamamaraan sa Paglikom ng Datos
Ang maayos na pananaliksik ay nangangailangan ng organisadong pangangalap ng datos upang matiyak ang kawastuhan at tagumpay nito. Mahalagang sundin ang tamang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

proseso sa pagkuha ng datos nang may sapat na kaalaman at pag-iingat bago simulan ang pagsusuri at interpretasyon (Creswell, 2013).

Bago simulan ang pagsusuri, ang mga tala at manuskrito mula sa napiling korpora ay susuriin ng lupon ng tagapagsuri ng *Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology*. Layunin nitong matiyak ang pagsunod sa tamang proseso at mga etikal na pamantayan. Sisiguraduhing protektado ang mga materyal at institusyong bahagi ng pag-aaral.

Sa ikalawang hakbang, kokolektahin ng mananaliksik ang mga piling tula mula sa aklat na Jose Corazon de Jesus: Mga Piling Tula na kasalukuyang nailimbag sa *San Anselmo Publishing House*. Tutukuyin ang mga tayutay na ginamit sa mga tula at isusulat ang mga ito sa hiwalay na papel. Layunin nitong maipakita ang bilang ng tula at mauri ang mga tayutay nang maayos.

Matapos tipunin ang mga piling tula, sinuri ito ng mananaliksik gamit ang Diskursong Pagsusuri. Ang mga tayutay ay tinukoy, inuri, at binigyan ng pagpapakahulugan upang maunawaan ang kanilang gamit. Layon nitong matukoy ang epekto ng mga tayutay sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga tula.

Ang maingat na pagsusuri ng mga datos ay mahalaga upang makabuo ng konklusyon at rekomendasyon para sa mga kaugnay na pananaliksik. Titiyakin ng mananaliksik na ang resulta ay nasuri at naberipika ng mga dalubhasa sa linggwistika, partikular sa tula at tayutay. Layon nito na maiwasan ang pagkakaiba-iba ng interpretasyon at mapatibay ang konklusyon ng pag-aaral.

**Pag-aanalisa sa Datos**

Lahat ng datos sa pananaliksik na ito ay makakalap at makokolekta sa pamamagitan ng masusing pag-aanalisa pag-unawa at paghabi ng mga kahulugan ng tayutay na nakapaloob sa bawat taludtod ng tula. Kaya, ang pag-aanalisa ng mga datos ay isasagawa ayon sa mga hakbang upang maayos na mapili, matukoy, at masuri ang mga datos mula sa napiling korpora ng pag-aaral (Thorne, 2000).

Una, tutukuyin ang yunit ng pagsusuri na nakatuon sa mga tayutay sa piling tula ni Jose Corazon de Jesus. Layunin ng pananaliksik na matukoy ang mga uri ng tayutay na ginamit sa mga tula. Pagkatapos, ang mananaliksik ay lilikumin ang mga tulang napili mula sa aklat at isusulat ito sa ibang papel upang magsilbing rekord nito. Kapag nakalap na ng mananaliksik ang lahat ng mga tula mula sa aklat, tutukuyin na kung aling mga tayutay ang matatagpuan sa mga taludtod at saknong ng bawat tula.

Sa pangalawang hakbang ay ang pagkokolekta ng datos at pag-uri sa epekto nito sa tula na may kaugnayan sa nilalaman ng pananaliksik. Sa bahaging ito, uunawain ng mananaliksik ang mga natukoy na tayutay mula sa mga piling tula ng makata mula sa aklat na ginamit bilang sanggunian. Uuriin ng mananaliksik gamit ang dalawamput isang (21) tayutay na nakabase sa unang teorya.

Para naman sa pag-aanalisa o pag-uuri sa impluwensya ng kaalaman sa paggamit ng mga tayutay sa paghubog ng kahulugan sa isang tula, gagamitin ang mungkahing limang epekto ni Santiago (2003). Gamit ito ay bubuo ng dalawang talahanayan ang mananaliksik. Sa unang talahanayan, isang hanay ang maglalaman ng uri ng tayutay na natukoy mula sa tula, habang ang isa pang hanay ay magtatala kung saan bahagi ng tula matatagpuan ang nasabing uri ng tayutay. Para sa ikalawang talahanayan, ang isa ay magtutuon sa epekto nito sa pagbuo ng kahulugan mula sa tayutay, at ang ikalawa ay tatalakay kung saan bahagi ng taludtod o saknong ito matatagpuan na sasagot sa pangalawang katanungan ng pag-aaral.

Pangatlo, susuriin ang datos gamit ang pagkakategorya sa pamamagitan ng kowd. Gagamitan ito ng code na T-1, T-2, T-3……, tuloy-tuloy hanggang umabot ng T-51 na kumbinasyon ng sample+number upang maging simbolo ng bilang ng korpora. Gamit ang kowd na ito, mas madali para sa mananaliksik na ayusin ang mga datos batay sa kanilang katiyakan upang matugunan ang mga katanungan ng pananaliksik.

Pang-apat, rerebyuhin at gagawa ng konklusyon ang mananaliksik batay sa pagsusuri ng mga tayutay sa piling tula ni Jose Corazon de Jesus. Gamit ang mga tanong ng pananaliksik, ilalahad ang kasagutan at interpretasyon sa pamamagitan ng masusing pagsusuri at sariling opinyon. Magiging gabay din ang mga pamamaraang inilahad nina Monleon at Santiago sa teoritikal na bahagi.

Sa pagsunod sa iminungkahing mga hakbang, makakamit ng mananaliksik ang layunin na masagot ang mga tanong sa pag-aaral. Magbibigay rin ito ng malinaw na konklusyon at kaukulang rekomendasyon batay sa mga nasuring datos.

**RESULTA**

Bawat taludtod o saknong mula sa mga piling tula bilang korpora ay masusing sinuri. Sa Talahanayan 1, makikita kung anong uri ng mga tayutay ang nakapaloob sa bawat saknong o taludtod ng tula base sa mungkahi ni Monleon. Samantalang ang Talahanayan 2 naman ay ang bahagi na kung saan kinakikitaan ng epekto ng tayutay sa tula. Kaya naman, ang mga tayutay na ipinakita sa mga talahanayan ay ang mga kadalasang ginagamit sa pagsusulat ng tula ng makata at epekto nito sa isang tula.

**Unang Katanungan sa Pananaliksik: Ano ang mga tayutay na ginamit sa mga piling tula ni Jose Corazon de Jesus?**

Inilahad sa talahanayan 1 ang mga tayutay sa 51 na tula, kasama ang pangunahing ideya ng bawat bahagi ng tula batay sa uri nito. Ang mga temang natukoy ay kinabibilangan ng: pagtutulad, pagbibigay-katauhan, pagmamalabis, paghihimig, pagpapalit-tawag, pagtawag, pagwawangis, aliterasyon, anapora, anadiplosis, pag-uyam, pagtatambis, pagpapalit-saklaw, pangitain, paglumanay, at pagtatanong.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 1**
**Taludtod o Saknong ng Tula na Kinapalolooban ng Tayutay**

| Uri ng Tayutay | Taludtod/ Saknong ng Tula | Analisis |
|---|---|---|
| Pagtutulad | "*Amang Diyos, narito po itong huli Mong makata na kagaya ng anak mo nag-iisang lumuluha*." (T-1) | Ginagamit ang salitang kagaya ng. Itinutulad nito ang kaniyang sarili sa anak ng Amang Diyos dahil sa gawi o kilos na lumuluha. |
| | "*Ganyan, irog, ang katulad ng buhay kong sawîmpalad, kung umaga'y nagdarasal at kung gabi'y umiiyak*;" (T-9) | Ginagamit ang salitang katulad ng upang ihambing ang isang bagay o tao at ilarawan ang pinagdaraanan at sitwasyon. inihahalintulad niya ang kanyang buhay na sawimpalad sa isang sitwasyon na kung umaga ay nagdarasal at kung gabi naman ay umiiyak. |
| | "*At parang bulaklak na nangakabuká ang iyong daliring talulot ng ganda, kung nasasalát ko, O, butihing sinta, parang ang bulaklak kahalikan ko na*." (T-13) | Gumagamit ng salitang parang upang hindi tuwirang ihambing ang mga bagay na magkaiba ang uri o anyo ngunit may kaugnayan sa katangian nito. Inihahambing ang daliri sa isang bagay at kilos na bulaklak na nangabuka. |
| | "*Ang táo kahit na ubod man ng hirap, kapag matapáti'y tila ba masarap*." (T-18) | Ginamit ang salitang tila sa taludtod o saknong ng tula bilang pagtutulad sa sitwasyon o karanasan ng isang tao. Tinutulad sa taludtod o saknong ang tao sa masarap na pakiramdam na kahit puno ito ng hirap basta ikaw lang ay matapat. |
| | "*isang bibig na animo'y nagdarasal magkaminsan*," (T-37) | Gumamit ng animo'y upang ihambing ang bibig sa isang gawi o kilos na /nagdarasal/ na mahihinuhang hindi ito kauri o ginagawa mismo ng bibig lamang. |
| Pagbibigay-katauhan/ Pagsasatao | *"Liwanag mo at dilim ko'y magdamag ding naghalikan,"* (T-2) | nagpapakita ito ng pandiwang ikinikilos ng tao na naghalikan. Ito ay ginamit sa pagpapakilos ng di nakikita o nadaramang bagay at upang ilarawan ang liwanag at dilim. |
| | *"na nagkanlalaglag sa lupàng malungkot."* (T-8) | Ang lupa ay nagkakaroon ng damdamin na malungkot, na kung pakasusuriin ay wala naman talagang damdamin ang ganitong bagay. |
| | *"at sa langit naroroon ang Buwan na lumalakad."* (T-7) | Nagkakaroon ng tayutay na pagbibigay-katauhan na ang buwan ay animo'y naglalakad na kung ating iintindihing mabuti ay katangian ito ng tao ngunit ginagamit lamang ito upang kakatawan sa ginagawa ng buwan. |
| | *"Orasan na ito nang ako'y bata pa, ginigising ako sa tuwing umaga,"* (T-20) | Gumagamit ng katagang ginigising upang ilarawan ang orasan nang siya ay bata pa. Ang terminong ginigising ay isang pandiwa at gawain ng tao, ngunit ginamit ito ng isang walang buhay na bagay. |
| | *"nagbihis ng damit ang ulilang nayon."* (T-28) | Gumagamit ito ng katagang nagbihis ng damit upang ilarawan ang di-kumikilos na bagay na ulilang nayon. Ang salitang nagbihis na |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | | |
|---|---|---|
| | | mahihinuhang hindi magagawa ng isang nayon, bagkus ginamit lamang ito upang maging masining ang pagpapahayag ng tula. |
| **Pagmamalabis** | *"Ako'y nagsapanganorin upang ikaw'y makausap At sa pisngi niyong langit ang dilim ko'y inilatag;"* (T-2) | Ang salitang nagsapanganorin upang makausap lamang ang gusto niyang kausapin ay isang imposibleng magawa ng isang normal na tao, bagkus ito ay eksaheradong pahayag lamang upang maipabatid ang matinding damdamin o ano ang kaya niyang magawa sa kanyang gustong makausap. |
| | *"Ang pag-ibig ay may matá, ang pag-ibig ay di bulág, ang marunong na umibig, bawat sugat ay bulaklak."* (T-6) | Labis na inilalarawan ang bulaklak at ang pag-ibig upang maging masining ang paglalahad ng kaisipan sa mga mambabasa. |
| | *"kung hinahawi mo itong aking buhok, ang lahat ng aking dalita sa loob ay nalilímot ko nang lubos na lubos."* (T-13) | Ginamit ang pagmamalabis dahil sa pahayag na simpleng paghawi lang nito ng buhok ay nalilimot na nang lubos ang dalita sa kanyang loob. |
| | *"At pag kami'y nadarang na sa mainit na lagablab niyang punglong tumatamà sa dibdib mong nawawasak, bawat pusò nami'y bulkang sasaboy sa Balintawak."* (T-42) | Gumagamit ng eksaheradong salita upang ipahiwatig ang labis na emosyon o damdamin. Makikita ang mga katagang mainit na lagablab at pusò nami'y bulkang sasaboy sa Balintawak na naglalahad ng matinding damdamin. |

| | | |
|---|---|---|
| | *"kapag narinig mo ang isang kundiman, ibig mong liparin ang dating tahanan."* (T-44) | Nagiging eksaherado ito sapagkat liliparin niya ang dating tahanan kapag narinig lang niya ang tugtuging kundiman na mahihinuha namang hindi ito magagawa ng isang normal na tao. |
| **Paghihimig** | *"Tik-tak, parang tibok ng mahinàng dibdib na ang sinasabi'y ang pagsuyong amis."* (T-20) | Ginamitan ito ng salitang tik-tak na nagpapahiwatig ng tunog ng isang orasan na inahalintulad sa tibok ng puso, ito ay upang ilarawan ang nais o gusto nitong ipabatid sa mambabasa. |
| | *"Tin-tin, tling-tling, Tumatábas itong gunting"* (T-21) | Gumagamit ito ng tayutay na paghihimig dahil sa paggamit nito ng tunog na tin-tin, tling-tling na nagpapahiwatig ng tunong ng isang gunting kapag ito ay itinatatabas. |
| | *"Narinig mo'y isang huni ng butiki," (T-25)* | Gumagamit ng salitang huni upang maintindihan ang tunog ng isang partikular na hayop. |
| | *"At ang buntonghininga mo'y di na namin naririnig ngunit aming dinaramdám ang punglo sa iyong dibdib; kung ang tulóg na mantika'y naggigisa, may sagitsit na sa baya'y nagbubulong ng diwa ng naghimagsik."* (T-42) | Matatagpuan ang salitang buntonghininga at nagbubulong na kung saan mas madaling naiintindihan ng mga mambabasa ang kahulugan ng tula sapagkat nakapagbubuo sila ng imahe dahil sa mga salitang ito. |
| | *"patí ating batis, dinggin ang lagaslas,* | Ang lagaslas ay nagpapahiwatig ng tunog ng tubig sa batis at ang halakhak naman ay |

| | | |
|---|---|---|
| | *halakhak ni Sisang nawalan ng anak."* (T-44) | tawa ng isang babaeng nagngangalang Sisa na nawalan ng anak. |
| **Pagpapalit-tawag** | *"Parang anghel na maliit ang maliit nating batà,"* (T-31) | Ang bata o sanggol ay pinalitan ng katagang anghel upang mabigyang kasiningan ang pagpapaliwanag. |
| | *"ang hinahanap ko'y ang sariling pugad;"* (T-16) | Ang tahanan o bahay ay hinahalinhinan ng salitang *pugad*. Ang katagang ito ay konektado sa ano ang gustong ipabatid sa taludtod dahil ang salitang pugad ay nagkakahalugan ding tahanan pero ng hayop. |
| | *Iyan pong Pork Barrel na sistema ngayon ay pang-agaw kanin sa kanin ng baboy."* (T-22) | Ang ibig sabihin ng *Pork Barrel* ay sistema na paggastos ng pamahalaan sa mga proyekto ng mga mambabatas na nagbabayad ng buwis, samantalang ang kanin naman ay yaman o pera. |
| | *"ang ginto ng langit nama'y nalalaglag;"* (T-28) | Ang salitang *ginto* ay ipinalit sa ulan na nalalaglag galing salangit. Ginamit ang salitang ginto upang halinhinan ang ulan sapagkat ang ulan ay katulad ng ginto na maaaring simbolo ng yaman ng ulan na bumubuhos galing sa itaas. |
| | *"ay kaban ng bayan ang kinakaltasan."* (T-36) | Gumagamit ng katagang *kaban ng bayan* upang palitan ang literal nitong kahulugan na pera o buwis ng taong bayan na kung saan ito ay kinakaltasan. |
| **Pagtawag** | *"O, kalapati ko! Bigla kang* | Makikita sa saknong na |
| | *lumipad… Sa nagdaang kawan sumáma ka agad, ayaw mong mabasa ng luha ang pakpak."* (T-15) | tinatawag nito ang isang ibong kalapati na mahihinuhang hindi ito sasagot dahil ito ay walang kakayahang makipag-usap sa tao. |
| | *"O! Baròng tagalog, barò ka ng dangal, baròng katutubòng hindi hiram lámang."* (T-39) | Tinatawag ang isang klase ng damit sa Pilipinas na barong tagalog. Tinatawag at binigyang pagpapakahulugan sa masining na paraan at ito ay kailanma'y hindi tutugon. |
| | *"Kamay ng mahirap, O, kamay ng dukha! Ikaw ang sandigan ng tanáng paggawa."* (T-43) | Mahihinuhang halimbawa ito ng tayutay na pagtawag dahil ang kamay ay kinakausap na kailanman ay hindi magagawang magsalita pabalik sa kanya. |
| | *"At ikaw, O! Palay ng pag-ibig namin, magmula sa nayo'y dito nakarating;"* (T-45) | Tinatawag nito ang palay na kalianman ay hindi tutugon, bagkus tinawag lamang upang mailabas ang kanyang gustong ipahatid sa mambabasa. |
| | *"O, Bathalang nasa langit! Amá naming máawâin! Itunghay Mo ang matá Mo sa malungkot kong lupain. humihingi po, O! Diyos, ng kamunti Mong pagtingin. Tingnan Ninyo ang dalá kong tanikalang kawil-kawil, maláon nang hila-hila ng buhay kong nasa lagim; kundi na po malalagot ng Katwirang sinisiil ay Ikaw na, O, Diyos ko, ang sa* | Tinatawag ang isang bathalang nasa langit upang humingi ng tulong at nagpapahiwatig ng matinding pananampalataya sa isang hindi nadarama at nakikitang nilalang. Matatawag itong tayutay na pagtawag sapagkat tinatawag nito ang bathala na kailanman ay hindi tutugon o lalapit. |

| | | |
|---|---|---|
| | *gápos ay kumitil!"* (T-50) | |
| **Pagwawangis** | *"Na Buwan ang iyong ina at ang amá'y yaong Araw,"* (T-2) | Inihahambing ang isang ina at ama sa buwan at araw. Mahihinuhang tuwiran ang paghahambing at ang salitang ginamit ay hindi literal na naaangkop |
| | *"ang isip ko ay Araw kang manunungaw sa Silangan."* (T-3) | Ang kaniyang isip ay inihahalintulad niya sa Araw dahil sa gawi nito na manungaw o tumingin sa Silangan. |
| | *"Gayunman alamíng ang puso ko'y parol,"* (T-15) | Ang puso ay inihahambing sa isang parol. Ito ay inihambing upang makapagbigay ng kariktan at aliw-iw sa pandinig sa mambabasa. |
| | *"Ang buhay ay isang sakdal habang k'wintas na babád sa luha ang daláng bulaklak,"* (T-27) | Inilalarawan at inihambing ang kanyang buhay sa isang sakdal at ang dala nitong bulaklak na inihambing naman sa isang kwintas na babad sa luha. |
| | *"Buhay ko'y akasyang kung putlin, uusbong" (T-15)* | Ang buhay ay inihahambing sa punong akasya dahil magkapareho silang uusbong kapag putlin o puputolin. Ang paraan ng paghahambing ay nasa masining na paraan dahil ang inihahalintulad ay hindi magkauri. |
| **Aliterasyon** | *"Wala akong kayamanan, kundi ito, Inyong kunin,"* (T-1) | Makikita sa taludtod ang madalas na pag-uulit ng letrang *k*, na nagdudulot ng ritmo kapag binabasa. |
| | *"ngunit kapag nag-alab na't patí mundo'y* | Nakikitaan din sa taludtod na nag letrang *n* naman |

| | | |
|---|---|---|
| | *nalimútan"* (T-6AL) | ang inuulit sa taludtod. |
| | *"Lukso-lukso at lilipad, inot-inot at lalakad;"* (T-22) | Inuulit ang paggamit ng letrang *l* sa taludtod. |
| | *"maputî, malinis, maganda, maningning,"* (T-23) | Inuulit ang katinig na letrang *m* sa taludtod. |
| | *"Bangga rito, bangga roon, patay silá! Bangkay kayó!"* (T-35) | Madalas na inuulit ang tunog-katinig na *b* na nagbibigay daan upang maging kaakit-akit kung ito'y babasahin. |
| **Anapora** | *"Kahimanawari tayo'y guminhawa! Táyo'y magkapalad, tayo't lumigaya!"* (T-4) | Matatagpuan ang paglitaw ng salitang *tayo'y* sa simula ng isa pang salita na magkakasunod-sunod. |
| | *"Ang pag-ibig kapag duwag ay payapà't walâng agos, walâng talon, walang baha, walang luha, walang lunos."* (T-6) | Ang salitang *walang* ay inuulit ng magkasunod-sunod. |
| | *"Isang papel itong ginawa ng lolo may pulá, may asul, may buntot sa dulo;"* (T-30) | Ang salitang *may* ay inuulit ng sunod-sunod na tatlong beses. Ginagamit ang tayutay na ito upang bigyang-diin ang gusto nitong ipabatid sa mga mambabasa. |
| | *"mga taong tubòng-bundok, inalipin, inalila, mga taong dayuhan lang, nagsiyaman, nanaganà."* (T-40) | Makikita na ang unang salita sa unang taludtod na *mga taong* ay ginamit sa sumunod na taludtod na kung saan ito ay nagpapakita ng anapora. |
| | *"pagkat ikaw'y nasa pusò, nása dibdib, nása diwa."* (T-42) | Makikita sa taludtod ang paulit-ulit na paglagay ng salitang *nasa* sa taludtod. |
| **Anadiplosis** | *"bakal nang matunaw ay ginawang kárit,* | Inuulit ang *karit* na nasa hulihan ng unang taludtod at ginamit naman ulit |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | | |
|---|---|---|
| | *kárit na gumapas sa palay sa bukid."* (T-21) | ang salitang karit sa unahan ng pangalawang taludtod na kung saaan siyang gumapas sa palay sa bukid. |
| | *"Lagi nang katabí'y mga diputado, diputado namang may hangin sa ulo. Laging sumasáma sa mga auto, Ay auto namang di bayad ang plaso."* (T-18) | Mapapansing sa unang taludtod na ginamit ang salitang *diputado* samantalang sa susunod naman nitong sugnay ay ginamit naman ang salitang *diputado.* Makikita rin na sa ikalawa nitong taludtod ay ginamit ang salitang *auto* at ginamit naman ito ulit sa ikalawang sugnay. |
| | *"ipagbilin pa sa iba'y sa ibá nga tatawag pa."* (T-17) | Sa unang sugnay ginamit ang salitang *sa iba'y* at sa sumunod naman nito ay ginamit rin ang *sa ibá.* Ito ay matatawag paring anadiplosis dahil sa pag-uulit ng salita sa magkasunod na paraan. |
| **Pag-uyam** | *"Kamay na nag-abót ng awà sa dukha, pumahid ng panyo sa patak ng luha, humipò ng pilak, nagsikap, gumawa, kung kaya tingnan mo, pangit at kakatwa."* (T-43) | Sa naunang taludtod, ito'y pumupuri sa isang kamay ngunit sa hulihan o kung pakasusuriin ito ay nangungutya dahil sa salitang pangit at kakatwa na mababasa sa huling bahagi o taludtod ng saknong. |
| | *"Asahan mo, katoto ko, hindi ka pa minamahal."* (T-6) | Makikita sa halimbawang taludtod na sa unang sugnay ay sinabing aasahan siya bagkus sa hulihan naman nito ay sinabing *hindi ka pa minamahal.* |
| | *"Ito'y isang kamay, mabutó't matigas, makapal sa dami ng ginawang landas, matibay sa kányang nangadaláng bigat, at pangit dahilan sa ginawang lahat."* (T-43) | Inilalarawan ang isang *kamay* ngunit sa hulihan nito ay binanggit na ito ay *pangit dahilan sa ginawang lahat* sa kabila ng magagandang paglalarawan nito. |
| **Pagtatambis** | *"At ako'y nagtulin, halos lakad-takbo!"* (T-5) | Mapapansin sa halimbawa na kung pakasusuriin ang *lakad* at *takbo* ay magka-salungat ang kahulugan ngunit nakapagdagdag ito ng kulay at kahulugan sa taludtod. |
| | *"marami ang sama kaysa kabutihan;"* (T-16) | Ang pagsasalungatan ng *sama* at *kabutihan* ay ginagamit upang higit na mapalakas at mapansin ang bisa ng pahayag. |
| | *"kung ikaw'y mabuti'y kinaiinggitan, kung ikaw'y masama'y kinapopootan."* (T-16) | Makikita na ang mabuti at masama ay magkasalungat ngunit pinagsama parin ito upang makapukaw sa damdamin at isip ng mga mambabasa. |
| | *"makintab sa labas at sa loob burak."* (T-18) | Base sa halimbawa ginamit ang salitang *labas* at *loob* na mahihinuhang magkasalungat ang kahulugan. |
| | *"at bukás sa mayayaman, nakasará sa mahirap,"* (T-19) | Ang mga salita ay ang *bukas sa mayayaman* na kasalungat naman nito ang *nakasara sa mahirap*. |
| **Pagpapalit-saklaw** | *"ang Liwayway ng búhay ko sa likod ng bagong palad."* (T-1) | Ang *Liwayway* ay tumutukoy sa pagsikat ng araw, ngunit sa taludtod ito ay sumasagisag sa isang bagong simula o pagbabago sa buhay ng persona ng tula. Samantala ang *palad* ay isang bahagi ng katawan ngunit sa pagpapahayag ito'y |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | | |
|---|---|---|
| | | sumisimbolo sa kapalaran o tadhana. Kaya, ang taludtod ay malinaw na halimbawa ng tayutay na pagpapalit-saklaw dahil sa paggamit ng bahagi at upang tukuyin ang kabuoan ng isang mahalagang yugto ng buhay. |
| | *"at sa bibig pa ng táo, kung tawagi'y magnanakaw."* (T-37) | Makikitang ginamit ang parte ng katawan ng tao na *bibig* ngunit ang ibig nitong ipahiwatig ay ang tao mismo ang kinausap o tinawag na magnanakaw. |
| | *"ngunit ito'y kamay na saanmang dako'y siyáng pumipihit sa gulóng ng mundo."* (T-43) | Ang *kamay* sa taludtod ay hindi lamang tumutukoy sa literal na bahagi ng katawan, kundi kapangyarihan o kontrol ng kabuoang pagkatao sa mga pangyayari sa mundo. Samantala, ang *gulong ng mundo* ay kaganapan at pagbabago sa buong mundo. |
| | *"sa pagbibili na, ang palad ng baya'y nasangla sa dayo na nakikinabang."* (T-45) | Ang bahagi ng katawan na *palad* ay ginamit sa taludtod upang kakatawan sa buong pagkatao na nabenta o *nasangla sa dayo na nakikinabang*. |
| | *"Pag-ibig ang sa kanyang palad Nag-alay ng ganda't dilag."* (T-49) | Sa paggamit ng salitang *palad* upang tukuyin ang kabuoang kapalaran o buhay ay nagpapakita ang tayutay na pagpapalit-saklaw. |
| **Pangitain** | *"Ngunit kapag sumúlat na sa ibabaw man ng hukay minamahal ka na niya nang* | Ang paggamit ng *hukay* bilang simbolo ng kamatayan ay tila hinuhulaan o |

| | | |
|---|---|---|
| | *higit pa kaysa búhay."* (T-6) | inaasahan sa hinaharap, kung saan ang pagmamahal ng isang tao ay lumalampas sa pisikal na mundo at nagiging higit pa kaysa sa buhay mismo. |
| | *"At ako'y iidlip, sa kinabukásan ang baság na tugtog yaring magigisnan."* (T-20) | Mapapansin ang katagang *kinabukasan* na nagpapahiwatig na bukas pa ngunit sa paglalahad animo'y naganap na na magigisnan ang basag na tugtog pagkatapos niyang umidlip. |
| | *"Ito'y iyong isusuot, búkas kapag inilibing."* (T-24) | Hinuhulaan dito kung ano ang kanyang susuotin kinabukasan kahit hindi pa ito nagaganap. Ang halimbawang ito ay napabilang sa tayutay na pangitain. |
| | *"Mag-iingat kayó sa inyong paglakad; Walâng ano-ano'y inyong mamamalas Ang isang babaeng maitim ang gayak."* (T-29) | Mag-iingat daw sa paglalakad dahil mamamalas o makikita nila ang isang babaeng maitim ang gayak na nagpapahiwatig ng panganib na hindi pa nangyayari o nasaksihan ng mga naglalakad bagkus sa paglalahad ay tila nangyari na. |
| | *"sa tuwing dáratíng ang masayang Pasko ang parol na ito'y makikita ninyo."* (T-30) | Ito ay nagpapahiwatig ng pangitain dahil hindi pa nangyari ang okasyong Pasko bagkus sa pagpapahayag ay tila hinuhulaan na niya ang mangyayari. |
| **Paglumanay** | *"sa yumaong irog ay kasuotan ka;"* (T-39) | Ginamit ang katagang yumao upang palitan o halinhinan ang salitang namatay o |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | | |
|---|---|---|
| | | patay upang hindi makasakit ng damdamin at saloobin ng kinakausap. |
| **Pagtatanong** | *"Ikaw ay may bisig, ano't di igalaw? Ikaw ay may matá, ano't di itanaw? Ikaw ay may isip, may pusò, may kamay, Ano't iaasa sa katalagahan?" (T-25)* | Mapapansing nagtatanong ito ngunit nakatambad na ang kasagutan. Nasa tapat na ang sagot ngunit tinatanong parin ito ngunit naglalaman na ito ng masisining na mga salita. |

**Pagtutulad**. Binibigyang pagpapalawig sa Talahanayan 1 ang mga pahayag na may salitang di-tuwirang naghahambing na *parang, tila, animo'y, katulad ng* at *kagaya ng* na makikita sa mga piling tula. Karaniwang ginagamit ang pagtutulad sa tula upang ilarawan ang paligid o pagsasaayos ng tula upang gawing mas buhay ito. Ang salitang ginagamit sa paghahambing ay nakapupukaw ng mambabasa sa pamamagitan ng salitang hindi magkauri ngunit may parehong katangian. Kaya, ang isang tula ng makata na may tayutay na pagtutulad ay tunay na maaaring makaaakit ng mambabasa.

**Pagbibigay-katauhan o Pagsasatao.** Nasuri rin ang tayutay na pagbibigay-katauhan o *personification* sa mga tulang sinuri. Binibigyan nito ng mga katangian ng tao ang isang hayop, bagay, o ideya, na nagiging daan upang magtaglay ang mga ito ng emosyon o kilos na tulad ng sa tao.

**Pagmamalabis.** Pangatlong uri ng tayutay na natagpuan sa mga piling tula ay ang tayutay na pagmamalabis. Ang tayutay na ito ay gumagamit ng eksaherasyon o labis na pahayag na lampas sa katotohanan. Madaling matukoy ito dahil nagpapakita ito ng sobra o imposibleng sitwasyon kaugnay sa tao, bagay, o pangyayari. Ipakikita sa talahanayan ang mga taludtod/saknong na kinakikitaan ng tayutay na pagmamalabis.

**Paghihimig.** Ang paghihimig, o *onomatopoeia*, ay tayutay na gumagamit ng mga salitang ang tunog ay tumutugma o nagpapahiwatig ng kahulugan nito. May kaugnayan o akma sa tinutukoy na salita ang tunog na ginamit. Madalas ginagamit ang uri ng tayutay na ito upang bigyan ng tunog ang mga bagay upang makabuo ng imahe sa mambabasa.

**Pagpapalit-tawag.** Ang pagpapalit-tawag ay isang uri ng tayutay na ang pangalan ng isang bagay ay pinapalitan ng ibang salitang may kaugnayan o koneksyon dito. Ito ay gumagamit ng salita upang ipalit o kakatawan sa kahulugan ng ibang salita. Madalas itong ginamit upang lumitaw ang kasiningan sa pahayag.

**Pagtawag.** Natagpuan din ang tayutay na pagtawag o apostrope sa mga tulang sinuri. Ito ay isang uri ng tayutay kung saan ang tao ay parang nakikipag-usap sa isang bagay, ideya, o di-nakikitang nilalang na inaaakalang buhay at kaharap, kahit wala ito sa aktwal na tagpo.

**Pagwawangis.** Ang pagwawangis ay isang tayutay na direktang naghahambing ng dalawang bagay, maaaring magkauri o magkaiba, nang hindi gumagamit ng mga salitang tulad ng *parang* o *gaya ng*. Katulad ito ng pagtutulad ngunit hindi na ito ginagamitan ng mga pangatnig. Ang pagwawangis ay isa sa mga tayutay na nagbibigay buhay at kulay sa mga salita. Maituturing itong malikhaing paraan ng paggamit ng mga salitang tumutulad upang magbigay-kahulugan o pagpapalawak ng kaisipan sa pamamagitan ng paghambing sa isang salita sa ibang salita.

**Aliterasyon.** Kabilang din sa mga tayutay na natagpuan sa 51 na tula ang aliterasyon o *alliteration* sa Ingles. Ang aliterasyon ay isang tayutay na gumagamit ng pag-uulit ng tunog-katinig sa unahan ng mga salita o pantig, na nagdaragdag ng ritmo o musikalidad sa isang taludtod o saknong, at tumutulong upang maging mas kapansin-pansin ang parirala sa mambabasa.

**Anapora.** Nakikitaan din tayutay na anapora ang sinuring mga piling tula. Ang anapora ay ang pag-uulit ng salita sa unahan ng bawat taludtod o sugnay. Ginagamit ito upang bigyang-diin at mapalakas ang damdamin sa mga salita.

**Anadiplosis.** Sumunod namang nasuri na tayutay ay ang anadiplosis. Ito ay ang inuulit ang parehong salita sa hulihan ng isang taludtod o sugnay at sa unahan ng kasunod nito. Naiuugnay nito ang tema sa isa pang tema sa pamamagitan ng magkahiwalay na sugnay.

**Pag-uyam.** Natagpuan din ang tayutay na pag-uyam sa mga sinuring piling tula. Ang pag-uyam ay isang uri ng matalinghagang pagpapahayag na nagmula sa salitang ironya, na nangangahulugang magpanggap o mangutya. Nanunudyo at ginagamitan ito ng mga salitang pumupuri ngunit kabaliktaran naman ito sa literal o nais na ipabatid.

**Pagtatambis.** Nakikitaan din ng tayutay na pagtatambis ang mga piling tula. Isang uri ng tayutay na pinagsasama ang magkasalungat na mga salita o kahulugan upang makalikha ng natatanging epekto sa mga mambabasa. Ginagamit ito upang makalikha ng kakaibang impresyon sa mambabasa sa pamamagitan ng pagtatambal ng dalawang salita na tila magkaiba o salungat ang ideya.

**Pagpapalit-saklaw.** Makikita rin sa ilang piling tula ang tayutay na pagpapalit-saklaw, kung saan ang bahagi ay ginagamit upang tukuyin ang kabuoan o ang isang tao bilang kinatawan ng isang grupo. Madalas itong ginagamit ng mga makata upang ipakita ang paggamit isang bahagi upang tukuyin o kakatawan sa kabuoan.

**Pangitain.** Isa rin sa nasuri ang tayutay na pangitain sa mga piling tula. Ito ay isang tayutay na nagpapakita ng kasalukuyang akalaing nagaganap ang isang pangyayari habang isinasalaysay, o nagdaan na parang ito'y tunay na nangyayari sa kasalukuyan. Kadalasan, ito ay ginagamit upang ilarawan

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

ang isang tagpo na hindi pa nagaganap ngunit inihahayag na parang kasalukuyang nangyayari.

**Paglumanay.** Katatagpuan din ang mga piling tula ni Jose Corazon de Jesus ng tayutay na paglumanay. Ito ay isang tayutay na gumagamit ng magagaan at mahinahong salita upang maipahayag ang mensahe nang maayos at hindi nakasasakit, kaya't mas madali itong tanggapin o pakinggan.

**Pagtatanong.** Panghuling nasuri na tayutay sa mga piling tula ay ang pagtatanong. Kapag sasabihin nating pagtatanong o *rhetorical question* sa Ingles naglalahad ito ng isang katanungan. Dagdag pa, ang tanong ay maaaring may sagot o wala sapagkat nakatambad na ang kasagutan ngunit tinatanong parin ito upang bigyang diin ang isang pahayag.

Sa kabuoan, ang mga taludtod o saknong na tinalakay sa itaas na sasagot sa unang katanungan ng pananaliksik ay siyang patunay na nagkakaroon talaga ng tayutay sa korporang tula.

**Ikalawang Katanungan sa Pananaliksik: Paano nakaiimpluwensya ang kaalaman sa paggamit ng mga tayutay sa paghubog ng kahulugan sa isang tula?**

Ang mga nakalap na taludtod at saknong ay nabuo mula sa masusing pagsisiyasat sa mga tayutay na nakapaloob sa mga piling tula at upang masagot ang pangalawang katanungan ng pananaliksik. Ito ay hihimayin kung ito ba ay nagkakaroon ng: kaisipan, damdamin, kagandahan sa tula, kabisaan sa likha at simbolismo na base sa mungkahi ni Santiago (2003).

**Talahanayan 2**
**Taludtod o Saknong ng Tula na Kinapaloloban ng Kahulugan**

| Kahulugan ng Tula | Taludtod/Saknong ng Tula | Analisis |
|---|---|---|
| **Kaisipan** | *"Ang buhay ng táo ay parang kandila, hábang umiikli'y nanatak ang luha;"* (T-16) | Isang halimbawa ng tayutay na matatagpuan sa mga taludtod o saknong na nakapagpapahayag ng kaisipan ay naglalayong magbigay-diin, at magbigay ng kabatiran sa isang konsepto. Kaya, kasama rito ang mga tayutay na nagpapakita ng pagkakatulad ng konsepto. |
| | *"Ang pag-ibig, isípin mo, pag inísip, nása pusò; pag pinusò nása ísip, kaya't hindi mo makuro. Lapítan mo nang matagal ang pagsuyo… naglalahò. layûan mo at kay lungkot, nananaghoy ang pagsuyo."* (T-6) | Nagkakaroon ng imahinasyon ang mambabasa dahil sa malalalim na salitang ginamit. Makikita ang halimbawang ito sa tayutay na pagtatambis. Dito, ipinahayag ang magkasalungat na ekspresyon o damdamin. Ang mga salitang ginamit ay tila magkasalungat ngunit pinagsama parin ito upang makapukaw sa kaisipan ng mga mambabasa. |
| | *"na ang kasipagan kapatid ng tuwâ, ligaya, at búhay, at ang mga balak, pawàng hangin lámang."* (T-32) | Nagkakaroon ng kaisipan ang taludtod na ito dahil mayroong paghahambing na nagaganap na siya ring nakapagbibigay ng kariktan at aliw-iw sa pandinig ng mga mambabasa. |
| | *"Isang papel itong ginawa ng lolo may pulá, may asul, may buntot sa dulo;"* (T-30) | Sa pamamagitan ng pag-uulit sa isang salita ay nakapagdaragdag ito ng diin sa salita o ng pangungusap. Mapapansing inuulit ang salitang *may* na upang maging kaakit-akit itong basahin at mabigyang-diin ang kaisipang nais nitong mapabatid sa mga mambabasa na siyang nakapagbibigay ng kaisipan sa taludtud. |
| | *"isíp-isipin mo't tularan ang langgam, kaliit na hayop pagkasipag naman."* (T-21) | Makikita ang halimbawang ito sa tayutay na pagbibigay-katauhan na kung saan nabibigyang buhay ang isang langgam na siyang dahilan upang magbigay kaisipan sa mga mambabasa sa pamamagitan ng pagbibigay paalala. |
| **Damdamin** | *"mukhang nakangiti at nang aking hagkan, ang parang sinabi'y… "Paálam! Paálam!"* (T-5) | Makikita sa halimbawang taludtod at saknong ng tula ang paggamit ng tayutay na pagtutulad o *simile* upang ipahayag ang damdamin ng tula sa pamamagitan ng di-tuwiran na paghahambing sa isang hindi |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | | |
|---|---|---|
| | | nadaramang bagay at kaisipan. |
| | *"Ang buhay ay isang sakdal habang k'wintas na babád sa luha ang daláng bulaklak,"* (T-27) | Mapapansin din ang pagkakaroon ng pagpapahayag ng damdamin sa uri ng tayutay na pagwawangis. Inihahalintulad ang sarili o ang buhay sa tuwirang paraan upang ilahad nito ang damdamin ng tula. |
| | *"Sugatan ang sawing dibdib, hapong-hapo na ang diwa"* (T-1) | Makikita rin sa taludtod at saknong ng tula na nasa ibaba na gumagamit ng tayutay na pagbibigay-katauhan o *personification* upang ilahad ang damdamin ng tula. |
| | *"kung hinahawi mo itong aking buhok, ang lahat ng aking dalita sa loob ay nalilímot ko nang lubos na lubos."* (T-13) | Napalilitaw nito ang damdamin dahil sa paggamit nito ng mga eksaheradong mga salita upang mailahad ang antas o lebel ng damdamin o emosyong gustong ipabatid sa mambabasa. |
| | *"Ang tugtugin natin ay napakalungkot, ang hagkis ng titik sa pusò'y nunoot;"* (T-44) | Makikita sa tayutay na paghihimig ang saknong o taludtod na lumilitaw ang damdamin ng tula. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng damdamin ay nagkakaroon ng ugnayan ang mambabasa sa emosyon at tonong nakapaloob mismo sa tula. |
| **Kagandahan** | *"O! Asuncion, himala ka! Bakit ka ba mukhang langit? Kapag ikaw'y tumatawa ay para kong naririnig ang lagaslas sa batisan ng tila kristal na tubig."* (T-3) | Mababanaag sa halimbawang tayutay na pagtutulad o *simile* at pagwawangis ang pagkakaroon ng kagandahan sa tula. Nakabubuo ng imahe ang mambabasa dahil sa pagtutulad nito sa ibang bagay at dahil sa pagkakaroon nito ng himig kung babasahin. |
| | *"kami'y magagandang plumahe ng ibon, pinapaypayan ka sa buong maghápon,"* (T-14) | Binibigyang-buhay nito ang mga bagay maging ang kaisipan upang bigyang-diin at paigtingin ang kagandahan ng tula. |
| | *"Ang bulong ng hangin at lundag ng tubig, ang huni ng mga hayop na marinig, ang kulay ng araw at guhit ng langit,"* (T-25) | Nabibigyang kagandahan ang tula dahil sa pagkakaroon ng buhay sa mga bagay na hindi nakikita sa ating mga mata. |
| | *"Kung umaga ako'y ginto sa liwanag,"* (T-23) | nakikitaan ito ng taludtod at saknong na nakapagpaganda sa tula gamit ang mga eksaherado at malalalim na mga salita na hindi naman pangkarinawang ginagamit sa paglalarawan ng isang bagay. |
| | *"Kung may mamalas kang isang Paraluman na ang kanyang noo'y may tinik ng búhay, at ang kanyang labi'y may susi ng lumbay,"* (T-46) | Ginamit ang tayutay na pagpapalit-saklaw ito upang mapaganda ang pagkakasalaysay at paglalarawan ng kasipan o tao sa taludtod o saknong ng tula. Sa pamamagitan ng masining at simbolikong paglalarawan sa isang *Paraluman* na siyang nagdaragdag ng lirikal na kagandahan at emosyonal na bigat sa tula. |
| **Kabisaan** | *"dahil sa pag-ibig ay parang batingaw, dahil sa panata ay parang orasan, at mukhang ost'ya rin ng kalulwang banal"* (T-11) | Nagiging mabisa ang mga tayutay sa akdang tula dahil naiuugnay nito ang sarili, karanasan at kaisipan sa ibang bagay. Kaya naman, nakabubuo ng imahe ang mambabasa ng tula dahil sa paraan ng pagkakalahad nito. |
| | *"Búhay ko'y akasyang kung* | Sa tayutay na pagwawangis ay |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | | |
|---|---|---|
| | *putlin, uusbong”* (T-15) | namumukod din ang pagkakaroon nito ng kabisaan sa tula. Inihahambing sa tuwirang paraan ang isang bagay o di-nadaramang kaisipan sa isa pang bagay na magkaiba o magkauri. |
| | *“Bituin sa langit at rosas sa hardin, parang nagtipanan at naghalikan din;”* (T-8) | Ang tayutay na pagbibigay-katauhan ay ginamit din upang maging mabisa ang saknong at taludtod dahil nagkakaroon ng kakaibang karanasan ang mga bumasa sa akdang tula. |
| | *“Kapag ikaw'y umaawit, akala ko'y kumakanta sa loob ng iyong dibdib ang nalulungkot na máya upang ako'y pangakuan ng libo-libong pagsinta!”* (T-3) | Sa paraan ng paggamit ng labis-labis o eksaheradong mga salita sa pahayag ay nagiging mabisa ito dahil nadadala nito sa ibang dimensyon ang mga mambabasa. Mapapansin na sobra ang paglalarawan niya sa taong umaawit na siyang nagbibigay ng bisa upang ilarawan ang damdamin sa tula. |
| | *“Tik-tak, parang tibok ng mahinàng dibdib na ang sinasabi'y ang pagsuyong amis.”* (T-20) | Naging mabisa dahil sa paglalagay nito ng tunog at himig upang maging kaakit-akit ang paglalahad ng taludtod at saknong. |
| **Simbolismo** | *“O, Bathalang nasa langit! Amá naming máawâin! Itunghay Mo ang matá Mo sa malungkot kong lupain. humihingi po, O! Diyos, ng kamunti Mong pagtingin. Tingnan Ninyo ang dalá kong tanikalang kawil-kawil, maláon nang* | Base sa saknong, ito ay simbolo ng pananalig, pagmamahal at pananampalataya. |

| | | |
|---|---|---|
| | *hila-hila ng buhay kong nasa lagim; kundi na po malalagot ng Katwirang sinisiil ay Ikaw na, O, Diyos ko, ang sa gápos ay kumitil!”* (T-50) | |
| | *“Ang pusò ng táo'y parang isang relos, atrasadong oras itong tinutumbok,”* (T-11) | Makikita ang tayutay na pagtutulad, na kung saan ang paghahambing ng dalawang bagay ay sumisimbolo sa kung ano ang karanasan ng isang tao. |
| | *“kapag narinig mo ang isang kundiman, ibig mong liparin ang dating tahanan.”* (T-44) | Ang paggamit ng mga labis o eksaheradong salita at pagbibigay-katangian sa mga bagay at ideya ay nagbibigay ng simbolikong representasyon ng katangian at damdamin ng persona sa tula. |
| | *“Ito'y isang kamay, mabutó't matigas, makapal sa dami ng ginawang landas, matibay sa kányang nangadalíng bigat, at pangit dahilan sa ginawang lahat.”* (T-43) | Ginagagamit ang kamay upang magsisimbolo ng karanasan at ginawa ng isang tao at dahil dito, nakabubuo ng imahe ang mambabasa sa nabasang tula. |
| | *“tumetelenteng ang kanyang kampanada sa tuwina.”* (T-10) | Sa pamamagitan ng tayutay na paghihimig naipapakita ang simbolismo ng tunog, damdamin, paalala at pagsalungat sa isang ideya. Mapapansin sa taludtod na ang salitang *tumetelenteng* ay sumisimbolo sa tunog ng isang bagay o kampanada. |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Nakapagpapahayag ng Kaisipan**. Nagkakaroon ito ng kaisipan kapag nagkakaroon ng bisa ang pagpapahayag dahil sa pagkakaroon nito isang ideya, kabuoang impormasyon at paniniwala. Makikita sa Talahanayan 2 ang pagkakaroon ng kaisipan sa taludtod o saknong ng tula. Sa pamamagitan ng pagpapahayag ng kaisipan ng tula ay nagbibigay-daan ito sa may-akda na maipahayag ang perspektiba sa isang masining at kakaibang paraan.

**Nakapagpapahayag ng Damdamin.** Nakalahad sa talahanayan 2 ang taludtod at saknong na kung saan lumilitaw ang damdamin ng persona ng tula o ng may-akda mismo. Ito ay nakapokus sa mga tayutay na ginamit ng makata upang mailarawan ng lubos ang damdamin ng tula.

**Nakapagdagdag ng Kagandahan.** Inilahad sa Talahanayan 2 ang kapakinabangang hatid ng paggamit ng tayutay sa pagbibigay kagandahan, kariktan at kasiningan sa mga mambabasa. Ang tayutay ay nagbibigay ng kagandahan sa tula dahil napapalalim nito ang mensahe, kahulugan at nagbibigay ng diin sa damdamin ng makata.

**Nakapagdadagdag ng Kabisaan.** Natagpuan din ang isa sa kapakinabangang hatid ng pagkakaroon ng kaalaman sa paggamit ng tayutay, ang pagkakaroon ng bisa sa paglalahad ng mga taludtod at saknong ng korporang tula. Makikita sa Talahanayan 2 ang taludtod at saknong na ginagamitan ng tayutay na nakapagdagdag ng kabisaan sa paglalahad ng tula. Naging mabisa, masining at kaakit-akit ang pagpapakahulugan ng tula dahil mayaman ito sa matatalinghagang salita.

**Nakapagbibigay ng Simbolismo.** Inilahad sa Talahanayan 2 ang taludtod at saknong na ginagamitan ng tayutay na nakapagbibigay ng simbolismo. Naipapahayag ang simbolismo sa pamamagitan ng angkop na mga salitang ginamit upang iugnay at ilarawan ang ideya at kaisipan ng tula.

Sa kabuoan, ang mga taludtod o saknong na tinalakay sa itaas na sasagot sa pangalawang katanungan ng pananaliksik ay siyang patunay na nagkakaroon talaga ng salik na nakaaapekto sa pagkakaroon ng tayutay sa tula. Lalo na't kabahagi na ng isang akdang tula ang kahulugan upang maiparating ang mensahe nito ng maayos sa mambabasa.

## DISKUSYON

Sa talakayan ng pag-aaral, nakapokus sa mga tayutay at kahulugan nito sa tula na nakapaloob sa mga akdang tula ni Jose Corazon de Jesus na nahahati sa labing-anim na tayutay at limang kahulugan nito sa tula. Ito ang nakalap ng mananaliksik na siyang layon ng pananaliksik upang matukoy at masuri ang mga tayutay na ginagamit sa tula at mabigyan ng pag-unawa kung paano nakaaapekto at nakatutulong ang kaalaman sa paggamit ng mga tayutay sa isang tula

**Tayutay na Nakita sa Piling Tula ni Jose Corazon de Jesus**

Sa isang tula, ang pagkakaroon at paggamit ng matatalinghagang salita ay nakapagbibigay kabuluhan, kalinawan at kahulugan. Maaaring dagdagan ng kasiningan ang ibang panitikan sa pamamagitan ng paggamit ng mga konseptong magpapalinaw at magpapatibay sa mensaheng nais iparating. Nagagawa ng mambabasa na lumikha ng kahulugan dahil ang mga imaheng tinutukoy na makikita sa taludtod o saknong ay higit na kahanga-hanga at lumilikha ito ng makulay na imahinasyon sa isipan ng mambabasa, na kung saan nagbibigay daan din ito upang maunawaan nang mas malalim ang mga mensaheng nakapaloob sa tula (Donovan, 2020).

Sa pagsusuri sa mga piling tula, lumalabas na may labing-anim (16) na tayutay ang namukod sa ginawang pagsusuri sa mga korpora ng pag-aaral: pagtutulad, pagbibigay-katauhan, pagmamalabis, paghihimig, pagpapalit-tawag, pagtawag, pagwawangis, aliterasyon, anapora, anadiplosis, pag-uyam, pagtatambis, pagpapalit-saklaw, pangitain, paglumanay at pagtatanong. Sa mga nasuring mga tayutay, napag-alaman na iilan lamang ang hindi masyadong ginamit na tayutay. Ito ay ang sumusunod: pangitain, paglumanay at pagtatanong.

Sa unang uri ng tayutay sa ginawang pagsusuri sa mga piling tula ay ang pagtutulad. Ito ay mga matalinghagang salita na nagtatampok ng di-tuwirang paghahambing ng dalawang magkaibang kaisipan, tao, bagay, o pangyayari. Ipinapakita sa pananaliksik na ang pagtutulad ay namukod sa pagsusuri sa mga piling tula.

Base sa pagpapakahulugan, ito ay gumagamit ng mga salitang gaya ng kapares, kawangis, tulad, wari, animo, mistula, at tila upang magpakita ng di-tuwirang paghahambing. Isang halimbawa ay ang saknong mula sa 'Florante at Laura' na gumagamit ng pagtutulad: "parang korales na iyong daliri." Sa taludtod na ito, mababanaag ang hindi tuwirang paghahambing ng daliri ni Laura sa isang korales, naipapakita ito sa pamamagitan ng paggamit ng salitang "parang" bilang pantulong sa paghahambing (Alejandro, 2008).
Kaugnay rito, binigyang diin ni pag-aaral ni Nuraine (2017), na ang pagtutulad o simile ay kadalasang matatagpuan sa ilang piling tula na ginagamit upang ihambing ang dalawang magkaibang bagay o isang konsepto upang makapagdagdag ng intensidad sa pagtutulad ng mga salita kung hindi man ay nagbibigay-kaalaman lamang sa pahayag ng tula.

Dagdag pa, inihayag din nina Agung et al. (2022), na madalas gamitin sa mga tulang liriko ang tayutay na pagtutulad at pagmamalabis. Ang pagtutulad ay naglalayong ihambing ang paksa sa ibang bagay upang lumikha ng bagong imahe, samantalang ang pagmamalabis ay nagpapasidhi ng emosyon at nagbibigay ng kulay sa masining na pagpapakahulugan ng akda.

Pangalawa sa mga nasuri at nadiskubre sa mga piling tula ay ang tayutay na pagbibigay-katauhan. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng katangian o buhay ang isang bagay, kaisipan at hayop ay nagiging masining at kaakit-akit ang mga taludtod at saknong ng tula. Ipinapakita sa pananaliksik na ito na ang pagbibigay-katauhan ay namukod sa pagsusuri sa mga piling tula. Mula sa labing-anim na mga tayutay na nasuri, ang pagbibigay-katauhan ang nangunguna sa pinakagamitin na uri ng tayutay.

Kaugnay rito, inilahad din nina Ginanti et al. (2022), na ang pagbibigay-katauhan ay madalas na gamitin na tayutay dahil sa

ito'y nagbibigay katangian sa isang hayop, bagay at ideya na tanging tao lamang ang nagtataglay nito. Ito ay nagkakaroon ng katangiang taglay na rumerepresenta sa mga katangian ng tao upang magkaroon ng damdamin ang tula.

Higit pa rito, pinalawig din sa pag-aaral nina Sa'idah et al. (2024), na madalas makitaan ng tayutay na pagbibigay-katauhan sa mga piling tula na nagbibigay buhay sa walang buhay, hayop at halaman. Ito ay nagbibigay ng pagkakaiba sa antas kung gaano kahigit ang hinihingi ng mga mambabasa na isipin ang literal na kahulugan sa anyo ng tao. Dagdag pa, ito rin ay nagbibigay daan sa mambabasa na mailarawan at isaisip ang isang bagay na may katangiang kumilos kagaya ng tao.

Pangatlo naman na nasuri ay pagmamalabis, isang uri ng tayutay na nakapagbibigay ng kabisaan at kagandahan sa isang akda. Gumagamit ito ng mga labis-labis at eksaheradong mga salita upang maipaabot ang mensahe ng tula. Ipinapakita sa pananaliksik na ang pagmamalabis ay namukod sa pagsusuri sa mga piling tula. Mula sa labing-anim na mga tayutay na nasuri, ang pagmamalabis ang pumapangalawa sa pinakagamitin na uri ng tayutay.

Kaugnay rito, inilahad nina Bernales et al. (2018), na ang pagmamalabis ay isang uri ng tayutay na nagpapahayag ng labis o sobra sa katotohanan, na kung susuriin ay eksaherado ang mga salita o pahayag. Halimbawa, sa linyang “Hindi ko kaya ang mabuhay ng wala sa piling mo” mula sa awiting “Hindi ko kaya,” makikita ang paggamit ng pagmamalabis upang ipahayag ang matinding damdamin ng nasasaktan, kahit hindi literal na totoo, kaya masining itong naipapahayag sa pamamagitan ng tayutay.

Dagdag pa, pinalawig din ni Miculob (2020), na kapansin-pansin ang pagiging masining sa paglalarawan ng mga makata sa paggamit ng tayutay na pagmamalabis. Nailalahad ng isang makata sa tula ang kalabisan subalit kahit na labis-labis ang pagkakasabi o pagpapakahulugan ay hindi pa rin ito hadlang para mawala ang kagandahan at kabisaan ng linya sa katunayan ay mas napapaganda pa nito ang akda dahil sa kakaiba nitong pagpapahayag. Dahil lagpas sa katotohanan o eksaherado ang pahayag higit na naging masining ang isang uri ng tula kung ito ay pakasusuriin.

Pang-apat na nasuri sa mga piling tula ay ang tayutay na paghihimig o onomatopoeia. Ang tayutay na ito ay nakasentro sa mga tunog na matatagpuan sa taludtod at saknong ng tula. Ipinapakita sa pananaliksik na ang paghihimig ay namukod sa pagsusuri sa mga piling tula.

Kaugnay rito, inilahad ni Alejandro (2008) na ang paghihimig o tinatawag ding onomatopoeia ay isang uri ng tayutay na gumagamit ng mga salita na ang tunog o himig ng salita ay direktang kumakatawan o nagpapahiwatig ng kahulugan nito. Ang mga salitang ginagamit ay tila naglalaman ng mismong tunog ng bagay o kilos na kanilang inilalarawan. Halimbawa, ang mga salitang lagaslas at kumalabog ay nagpapahiwatig ng mga tunog na nauugnay sa mga kilos o pangyayari, kaya naririnig na sa mismong mga salita ang mga tunog na kanilang sinasagisag.

Dagdag pa, pinalawig din ni Nordquist (2022), na madalas nakikitaan ang ibang piling tula ng tayutay na paghihimig na kung ano ang bigkas ng isang salita ay siyang tunog nito. Kapag sinasabing paghihimig o onomatopoeia, ang pagsasalita mismo ay nagpapaalaala sa tunog na kung saan inihahalintulad sa salita. Ginagamit ng mga makata ang onomatopeya upang makuha ang pandinig ng mambabasa at lumikha ng mga tunog.

Panlimang nasuri sa mga piling tula ay ang pagpapalit-tawag, isang uri ng tayutay na kung saan ang isang bahagi ay ginagamit upang kumatawan sa kabuoan o ang kabuoan ay ginagamit upang tukuyin ang isang bahagi.

Kaugnay rito, inilahad ni Alejandro (2008), na ang pagpapalit-tawag ay ginagamit sa mga tula kung saan ang pangalan o tawag ng isang bagay ay hinahalinhinan ng ibang salitang may kaugnayan o koneksyon dito. Ito ay gumagamit ng salita upang ipalit o kakatawan sa kahulugan ng ibang salita.

Higit pa rito, pinalawig din ni Gurbanová (2019), na ginagamit ang tayutay na pagpapalit-tawag sa mga tula upang palitan ang isang salita o parirala sa isa pang bagay na kauri o sa pinakamalapit na kaugnay nito sa halip na ito ay literal na sabihin ang gustong ipahiwatig. Isa ito sa mga ginamit ng mga manunulat upang ipahayag ang isang kaisipan sa ibang paraan. Samakatuwid, ang uri ng tayutay na ito ay nakapaglilikha ng epekto sa mga mambabasa dahil sa paraan ng paglalarawan nito sa isang bagay.

Pang-anim naman na natukoy sa mga sinuring piling tula ang tayutay na pagtawag. Ito ay isang uri ng tayutay na tumatawag o nakikipag-usap sa mga hindi nadaramang kaisipan at hindi kaharap na tao at kadalasan itong nakabase lamang sa mayamang imahinasyon ng tao.

Kaugnay rito, inilahad ni Canoy (2022), na ang pagtawag o apostrophe ay isang uri ng tayutay na naglalaman ng pakikipag-usap sa mga bagay o kaisipan na hindi nararamdaman, na tila nakikipag-usap ka sa isang buhay na tao na para bang nandiyan lamang sa harapan. Sa halimbawang taludtod na, “O kasawian, layuan mo na ako!”, makikita ang masining na paraan ng pagpapahayag sa pamamagitan ng pagtawag sa kasawian upang malinaw na maipadama ang kanyang hangaring malayo sa kanya ang kasawian. Ito ay kanyang tinawag na kailanman hindi lalapit o tutugon.

Dagdag pa, pinalawig din Flannery (2020), na matutukoy ang tayutay na pagtawag o apostrophe kapag ang isang manunulat o tagapagsalita ay nagsalita sa isang tao o nilalang na patay, wala, o walang buhay sa simula pa lang. Ginagamit din ito upang matuklasan ang isang kumplikadong kaisipan na kung saan ang tinutuklas ay nasa pagitan ng buhay at patay, kasalukayan at ang wala, ang mayroong buhay at wala na kung saan maaaring mahirap matukoy.

Ang pagwawangis naman ay pampito sa nadiskubre sa mga piling tula ni Jose Corazon de Jesus. Ito ay isang tayutay na ginamit sa tuwirang paghahambing ng salita sa ibang salita,

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

maaaring magkaiba ito o magkauri. Ito ay katulad ng pagtutulad ngunit hindi na ito ginagamitan ng mga pangatnig.

Binigyang pagpapakahulugan nina Agung et al. (2022) na ang pagwawangis o metaphor, ay isang uri ng tayutay na ginagamit upang direktang paghambingin ang dalawang magkaibang bagay, hindi sa literal na kahulugan, kundi upang lumikha ng mga imahe na nagpapakita ng mas malalim na koneksyon ng mga ideya o opinyon. Sa pamamagitan ng pagwawangis, nabibigyang-buhay ang mga abstraktong konsepto, pinapadali ang pag-unawa ng mambabasa sa pamamagitan ng paggamit ng mga imahen o terminong magkakaugnay. Ito ay isang masining na paraan ng pagpapahayag kung saan ang mga bagay na tila walang kaugnayan ay pinagkakabit upang magbigay ng bagong pananaw o interpretasyon sa ilang partikular na ideya, damdamin, o karanasan.

Dagdag pa, pinalawig din nina Rejeki et al. (2022), na katatagpuan ang ilang mga piling tula ng tayutay na pagwawangis na ginamit ng makata na ang tungkulin ay magbigay diin at lumikha ng kahulugan sa mga suliraning hindi masusulusyonan sa literal na kahulugan nito. Ginagamit ito upang paghambingin o itulad ang dalawang hindi magkatulad na bagay kagaya ng pagtutulad ngunit sa tuwirang paraan. Dagdag pa, ito ay nagpapahayag at nagpadadagdag ng kagandahan sa tula na may mahalagang papel na ginagampanan upang maging mabisa ang isang akda.

Pangwalong nasuri sa mga piling tula ni Jose Corazon de Jesus ay ang tayutay na aliterasyon. Ito ay gumagamit ng pagkakatugma ng tunog-katinig upang lumikha ng dating at mas di malilimutang mensahe, na nagagawa nitong makuha ang atensyon ng mambabasa.

Kaugnay rito, binigyang diin sa pag-aaral ni Bernales (2018), na ang aliyerasyon ay inuulit ang tunog-katinig sa simula o inisyal ng dalawa o higit pang bilang na salita. Ang uring ito ay ginagamit upang makalikha ng magandang ritmo at magbigay ng masining na karanasan sa pagbasa ng isang akda. Karaniwan itong ginagamit ng mga manunulat upang maipamalas ang kanilang pagkamalikhain at mapanuring pagpili ng angkop na salita.

Sinang-ayonan din ito ni Mueller (2024), na karaniwang ginagamit sa tula ang mga tayutay na aliterasyon, pagwawangis, pagtutulad, idyoma, pagpapalit-tawag, pagpapalit-saklaw, pagmamalabis, pagbibigay-katauhan, asonansya, cliché at simbolismo. Minumungkahi rin na kinakailangan ang angkop na tayutay sa tula upang maihatid ang angkop na mensahe.

Ang anapora ang ikasiyam na uri ng tayutay na nasuri sa mga piling tula. Kung ang tayutay na aliterasyon ay pag-uulit ng unang pantig na tunog-katinig, ang anapora naman ay pag-uulit ng salita na nasa unahan ng sugnay. Kahit na paulit-ulit na ginamit ang isang salita sa bawat taludtod nakapagbibigay parin ito ng kagandahan at aliw-iw sa tula.

Kaugnay rito, inilahad ni Alejandro (2008) na ang anapora ay pag-uulit ng isang salitang nasa unahan ng naunang sugnay. Ginagamit ang tayutay na ito upang makapagdaragdag ng diin at emosyon sa mga salita at ito'y sinadyang inilagay upang mabigyang-diin ang isang teksto o pangungusap.

Higit pa rito, isinaad din ni Czcayzer (2023), na ang pagkakaroon at pagtataglay ng tayutay sa tula bilang anyo ng panitikan ay isang pangangailangan upang ito ay maging mabisa, masining at kaakit-akit. Ito ay nagiging isang masusing likhang-sining na hindi lamang naglalaman ng makabuluhang mensahe o diwa kundi nagtataglay rin ito ng kahusayan sa pagpapahayag. Ang paggamit ng iba't ibang matatalinghagang salita sa tula ay nagpapakita ng kahusayan ng akda ng makata. Bukod sa tayutay, ang persona, talinghaga, at kagandahan ng tula ay nagpapalalim sa kasiningan nito, na tumatalakay sa diwa at imahinasyon ng mga nakaririnig at nakababasa.

Pansampu sa nasuri na tayutay sa mga piling tula ang tayutay na anadiplosis. Ito ay pag-uulit ng huling salita sa naunang sugnay at ang salitang ito naman ay ginagamit sa unahan o simula ng susunod na pangungusap o taludtod.

Kaugnay rito inilahad ni Alejandro (2008), na ang anadiplosis ay isang uri ng tayutay na ang parehong salita ay ginagamit sa hulihan ng isang taludtod o sugnay at inuulit sa unahan ng kasunod na taludtod o sugnay.

Higit pa rito, isinaad din ni Somers (2020), na ginagamit din ang tayutay na anadiplosis sa tula, na ang salita o parirala sa dulo ng isang sugnay ay inuulit sa simula ng kasunod na sugnay. Ang salitang anadiplosis ay hango sa salitang Griyego, na nangangahulugang 'pagdodoble' o 'pag-uulit'. Karaniwang ginagamit ang tayutay na ito para sa pagbibigay-diin sa pamamagitan ng pag-uulit ng isang pangunahing salita o parirala at upang iugnay ang isang pangkaraniwang tema sa ilang magkahiwalay na sugnay—madalas na higit sa dalawa. Ito rin ay kapaki-pakinabang dahil nagbibigay ito ng ritmo, himig at naging mas kawili-wili itong basahin o pakinggan.

Ang pag-uyam ay ang ikalabin-isang uri ng tayutay na nadiskubre sa mga piling tula. Ito ay tayutay na kinakikitaan ng panunuya at panunudyo. Ito rin ay madalas nagakapagbibigay ng kabisaan sa tula at nagbibigay ng imahe sa mga mambabasa.

Kaugnay rito, inilahad din sa pag-aaral ni Keraf (2004), na ang pag-uyam ay isang matalinghagang pahayag na nagmula sa salitang irony, na nangangahulugang panunuya o pagpapanggap. Ito ay nanunudyo na gumagamit ng mga salitang pumupuri ngunit kabaliktaran naman ito sa literal o nais na ipabatid.

Higit pa rito, pinalawig din ni Nordquist (2020), na sa akdang pampanitikan, madalas na ginamit ang mga tayutay na pagtutulad o simili, pagwawangis o metapora, pag-uyam o ironya at pagbibigay-katauhan o personipikasyon. Ito ay karaniwang ginagamit sapagkat naihahatid nito ang mga kahulugan ng isang teksto o salita sa bago at hindi inaasahang paraan. Matutulungan nito ang mga mambabasa na maunawaan at manatiling interesado dahil sa taglay nitong kariktan at aliw-iw.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Ikalabindalawa rin sa nasuri sa mga piling tula ang tayutay na pagtatambis. Ito ay mga taludtod at saknong na nagpapakita ng mga katagang magkasalungat na nagpapakita ng kariktan at kasiningan sa tula.

Kaugnay rito, inilahad ni Regmi (2015), na madalas na gamitin ang tayutay na pagtatambis sa mga piling tula na gumagamit ng dalawang kombinasyon ng salita o pahayag na magkasalungat. Ginagamit ito upang makalikha ng kakaibang impresyon sa mambabasa sa pamamagitan ng pagtatambal ng dalawang salita na tila magkaiba o salungat ang ideya. Dagdag pa, ang paggamit ng pagtatambis bilang uri ng tayutay ay nakapagdagdag din ng kulay at kahulugan sa isang akda at pumupukaw sa damdamin at isip ng mambabasa.

Higit pa rito, sinang-ayonan din ito ni Zarate (2019), na karaniwang makikita sa mga tulang liriko ang tayutay na pagtutulad, pagmamalabis, pagsasatao, at pagtatambis, na naglalayong maipakita ang kagandahan at kasiningan ng bawat taludtod at saknong. Madalas na inilalahad nito hindi lamang ang tungkol sa pag-ibig, kundi pati na rin ang mga usaping panlipunan na maaaring hango sa tunay na buhay at pang-araw-araw na gawain ng tao.

Napabilang naman sa ikalabintatlong tayutay na natukoy sa mga piling tula ang pagpapalit-saklaw. Sa paggamit ng tayutay na ito binabanggit ang bahagi upang tukuyin ang kabuoan at maari ring parte ng kabuoan.

Kaugnay rito, inilahad ni Rebamonte (2021), na gumagamit ng bahagi upang tumukoy sa kabuoan, o kaya ay isang tao na kumakatawan sa isang grupo. Maaari rin itong gumamit ng kabuoan upang tukuyin ang mga bahagi.

Higit pa rito, pinalawig din ni Gegato (2019), na kung susuriin, napakaraming uri ng tayutay, ngunit ang madalas gamitin at mabanaag ay ang pagtutulad, pagwawangis, personipikasyon, pagpapalit-saklaw, paglilipat-wika, pagmamalabis, retorikal na tanong, pabaligho, panawagan, at pangitain. Katulad na lamang sa pagsusuri ukol sa awitin na pinamagatang “Lawiswis kawayan” na madalas na nasuri ang matatalinghagang mga salita lalo na ang tayutay na pagwawangis o methapor.

Ang ikalabinapat na tayutay na nasuri sa mga piling tula ay ang tayutay na pangitain. Ito ay mga taludtod o saknong na naglalarawan ng pangitain, kung saan ang nagsasalaysay ay tila inilalarawan ang isang nagaganap na tagpo.

Kaugnay rito, binigyang pagpapakahulugan sa pag-aaral ni Alejandro (2008), na makikita ang pangitain sa mga akdang tula na kung saan ito ay nagsasalaysay ng kasalukuyang mga pangyayari o nagdaan na tila tunay na nagaganap.

Ikalabinlima naman sa mga tayutay na nasuri sa mga piling tula ang tayutay na paglumanay. Ito ay naglalahad ng mga magagaan at mabubuting pahayag sa pinagsasabihan.

Kaugnay rito, inilahad ni Sonia (2020), na ang tayutay na paglumanay o euphemism ay gumagamit ng magagaan at mabubuting salita upang ito ay maipahayag nang mahinahon na nakatutulong na hindi makasakit ng damdamin.

Higit pa rito, pinalawig din ni Nusri (2022), na ginagamit ang tayutay na paglumanay bilang isang pananalita na maaaring palitan ang isang bagay na itinuturing na hindi kanais-nais, upang maiwasan ang kahihiyan at salitang maaaring makasakit sa iba. Kaya naman sa pakikipag-usap, nagbibigay ito ng impresyon ng pagiging magalang at maiiwasan ang mga hindi kanais-nais na ekspresyon.

Ang ikalabin-anim at panghuling tayutay na nasuri sa mga piling tula ang tayutay na pagtatanong. Nasa tapat na ang sagot ngunit tinatanong parin ito ngunit naglalaman na ito ng masisining na mga salita. Mababanaag sa mga halimbawang makikita sa resultang bahagi na hindi gaano karami ang natagpuang taludtod o saknong na napapabilang sa tayutay na pagtatanong, gayunpaman ay mayrooon pa ring kakikitaan ng katangian sa ganitong uri ng tayutay.

Kaugnay rito, isinaad ni Valle (2019), na sa paggamit ng tayutay na ito, naipapahayag ang isang tanong na maaaring maglaman ng posibleng sagot kung ang isang bagay ay tatanggapin o hindi. Bukod dito, ang tanong ay maaaring may sagot o wala, dahil nakalatag na ang kasagutan ngunit itinatanggi pa rin ito upang bigyang-diin ang isang pahayag.

Higit pa rito, pinalawig din ni Gertschnig (2022), na ang tayutay na pagtatanong ay kilala bilang isang makasagisag na pagtatanong na ginagamit sa diyalogo, hindi sa pag-asang magkaroon ng sagot, kundi upang pukawin ang pag-iisip, o bigyang-diin ang isang pahayag. Ang istilo na ito ay hindi naglalayong mangalap ng impormasyon kundi nagsisilbing makaakit ng pansin o palakasin ang isang argumento. Binigyang-diin din na ang ganitong uri ng tayutay ay isang karaniwan at epektibong kasangkapan sa mga larangan ng akademikong pagsulat, panitikan at pang-araw-araw na komunikasyon.

**Epekto ng Kaalaman sa Paggamit ng Tayutay sa Pagbuo ng Kahulugan ng Tula**

Sa ginawang pagsusuri ng mga piling tula ni Jose Corazon de Jesus, lumalabas na may limang (5) salik na nakaaapekto sa pagkakaroon ng tayutay sa isang tula, ito ay ang mga sumusunod: kaisipan, damdamin, kagandahan sa tula, kabisaan sa likha at simbolismo.

Unang nadiskubre ang pagkakaroon ng kaisipan sa akdang tula ni Jose Corazon de Jesus. Napag-alaman na ang pagiging maalam sa tayutay ay nakabubuo at nakapaghahayag sa mga mambabasa ng mensahe at kahulugan na angkop at masining. Nagagamit din ang mga tayutay upang mapataas ang antas ng pang-unawa ng nakababasa nito dahil sa pagkakaroon ng tayutay na matatalinghaga kaya napapagalaw nito ang isipan ng mambabasa upang maunawaan ang tunay mensahe nito. Sa pamamagitan ng paglalarawan ng kaisipan ng tula ay nagbibigay-daan ito sa may-akda na maipahayag ang perspektiba sa isang masining at kakaibang paraan.

Kaugnay rito, binigyang-diin ni Gule (2020), na sa paggamit ng mga matatalinghagang salita tulad ng tayutay ay nakapagpapatalas ito ng isipan sapagkat may nakatagong kahulugan ang bawat pahayag na kung saan kinakailangan pang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

mag-isip ang sinumang makarinig o makabasa niyo. Mababanaag na kapag gumagamit ng iba't ibang tayutay ay nakapagbibigay ito ng kariktan, kagandahan at kasiningan sa pagpapahayag ng mga kaisipan na nagdudulot upang maakit ang makaririnig at makababasa nito.

Dagdag pa, binigyang-diin rin ni Turner (2019), na mabisang ginagamit ang tayutay sa akdang panitikan upang iparating ang kaisipan ng makata na mahirap unawain. Dahil hindi literal ang kahulugan ng mga matatalinghagang salita, ito ay ginagamit upang ihambing ang isang paksa sa iba, kaya't nagiging mas malinaw at madaling maintindihan.

Samakatuwid, ginagamit ng mga makata ang tayutay upang ipahayag ang damdamin sa tula at matulungan ang mambabasa na makabuo ng mga imahe at kaisipan, pati na rin maimpluwensyahan sila na kumilos. Bukod pa rito, ang mga akdang may tayutay ay mas madaling napapansin at mas gustong basahin ng mga mambabasa.

Nasuri rin ang pangalawang epekto, ang nakapagpapahayag ng damdamin ng tula. Nagiging epektibo ang pagkakaroon ng ideya sa tayutay upang maipahayag ang damdamin ng persona sa tula. Ang tula ay nagpapahayag ng isang ideya o damdamin sa pamamagitan ng isang wikang matalinghaga o ng tayutay dahil dito mas nagiging mabisa at maganda ang likhang sining. Madalas na kinakikitaan ang tayutay na pagtutulad, pagwawangis, pagbibigay-katauhan at pagmamalabis ang paggamit ng madamdaming salita.

Kaugnay rito, binigyang-diin ni Kim (2020), na kailangang magkaroon tayo ng isang pusong nakauunawa kung tayo ay magbabasa ng isang tula. Ang ganitong uri ng pag-unawa ay nagbubukas ng pintuan sa mas malalim na pagpapakahulugan ng tula at nagbibigay-daan sa pagtuklas ng damdamin at kaisipang nais iparating ng makata. Ito ay upang ipahayag ang damdamin ng may-akda—mula sa hinagpis at kaligayahan, hanggang sa kawalang pag-asa, kagandahan, kapangitan, hungkag na tagumpay, at ang mabilis na paglipas ng pag-ibig.

Dagdag pa, sinang-ayonan din ito ni Tulsian (2023), na sa paggamit at pagi-intindi ng mga matatalinghagang salita tulad na lamang ng tayutay ay napauunlad nito ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral dahil ito ay karaniwang matatagpuan at nakapaloob sa halos lahat ng uri ng akdang panitikan. Nakapaglilikha ito ng himig, nakapagyayapos ng damdamin ng mambabasa at nakapagdaragdag ng kagandahan sa akda gayundin ang makabuluhang aral na mapupulot ng mambabasa mula sa mga patayutay na taludtod at saknong nito.

Pangatlong nadiskubre ng mananaliksik ang pagkakaroon ng kagandahan sa akdang tula ni Jose Corazon de Jesus. Napag-alaman sa pagsusuri ng mga tula na sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kaalaman sa tayutay ay naging kaakit-akit at maganda ang pagkakalahad ng mensahe ng tula. Madalas itong nakapagdadagdag ng kagandahan dahil sa paggamit nito ng mga masisining, maririkit at mabulaklakin na mga salita at ito'y nakapagbibigay kariktan sa tula. Maaaring simple at madaling salita lang ang gagamitin sa pagpapahayag, ngunit ginagamit parin ang mga salitang may angking ganda at kasiningan upang mas bigyang-diin ang mensahe nito.

Kaugnay rito, binigyang diin ni Lumacad (2019), na nagkakaroon ng angking kagandahan ang isang akda kapag ito ay ginagamitan ng tayutay. Ipinapakita nito ang kakayahan ng wika na protektahan ang mga konsepto sa pamamagitan ng malikhaing pagpapahayag ng isang makata. Sa paggamit ng tayutay, nagiging masining, malalim, at kahanga-hanga ang salitang ginamit. Dagdag pa, ang tula ay nagdudulot ng kaluwalhatian at nagpapakita ng kagandahan ng buhay sa pamamagitan ng mga kaisipang inilalahad nito. Ang kariktan ng tula ay nabubuo sa pamamagitan ng tayutay, na nagpapalago ng imahinasyon at nagbibigay ng kalayaan upang ituring itong isang akdang tula.

Higit pa rito, pinalawig din ni Comoda (2020), na ang matatalinghagang salita ay sadyang pag-iwas sa karaniwan o literal na kahulugan nito upang upang mapagana ang imahinasyon at gawing mas epektibo, malikhaing, at kaakit-akit ang pahayag. Sa pagsusuri ng tayutay kinakailangan ito ng malawak na kaalaman upang maipamalas ang husay sa malikhaing pag-iisip. Ang kaalaman sa paggamit ng iba't ibang tayutay ay nakapagpapalalim, nagpapalinaw, at nagpapaganda sa isang akda, maging ito'y pasalita o pasulat.

Pang-apat na nasuri sa mga piling tula ay ang nakapagdagdag ng kabisaan sa tula ang pagkakaroon ng kaalaman sa mga uri ng tayutay. Ang tayutay ay masining at kaakit-akit na pahayag na nagpapalalim at nagpapakulay sa kahulugan. Naging mabisa ang mensahe ng tula dahil sa matalinghagang salita na nagpapahayag ng damdamin at humahaplos sa puso ng mga mambabasa. Dagdag pa rito, nadadala ng tayutay ang mambabasa sa ibang dimensyon, nagbibigay-buhay sa kanilang imahinasyon.

Kagaya na lamang sa nabanggit ni Tulsian (2023), na ang paggamit at pagi-intindi ng mga matatalinghagang salita tulad na lamang ng tayutay ay napauunlad nito ang lebel ng pag-unawa dahil ito ay karaniwang matatagpuan at nakapaloob sa halos lahat ng uri ng akdang panitikan. Nakapaglilikha ito ng himig, nakapagyayapos ng damdamin ng mambabasa at nakapagdaragdag ng kagandahan sa akda gayundin ang makabuluhang aral na mapupulot ng mambabasa mula sa mga patayutay na taludtod at saknong nito.

Higit pa rito, isinaad din ni Czcayzer (2023), na ang pagkakaroon at pagtataglay ng tayutay sa tula bilang anyo ng panitikan ay isang pangangailangan upang ito ay maging mabisa, masining at kaakit-akit. Ito ay nagiging isang masusing likhang-sining na hindi lamang naglalaman ng makabuluhang mensahe o diwa kundi nagtataglay rin ito ng kahusayan sa pagpapahayag. Ang paggamit ng iba't ibang matatalinghagang salita sa tula ay nagpapakita ng kahusayan ng akda ng makata. Bukod sa tayutay, ang persona, talinghaga, at kagandahan ng tula ay nagpapalalim sa kasiningan nito, na tumatalakay sa diwa at imahinasyon ng mga nakaririnig at nakababasa.

Panlima at panghuling nakita o nadiskubre sa mga piling tulang sinuri ng mananaliksik ang epekto na nakapagbibigay ng

simbolismo. Napag-alaman sa pagsusuri ng mga tula na sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kaalaman sa tayutay ay nakapagbibigay ito ng simbolismo sa mga mambabasa. Ginagamit ang simbolismo upang mapalalim ang pagpapakahulugan sa isang tula. Ang simbolismo ay nagpapahayag ng mga ideya at katangian sa paraang hindi literal, kundi sa mas malalim at masining na paraan ng pagpapakahulugan.

Kaugnay rito, binigyang diin ni Vega (2017), na sa pagsusuri sa isang tula, ang pananarili sa pagbuo ng simbolismo ng tula ay hindi dapat paigtingin. Ito ay may malaking bahagi sa pag-unawa ng kahulugan at damdamin na nais iparating ng makata. Ang katangian ng magaganda at masisining na tula ay ang malalim na damdamin at malawak na mensahe. Mahalaga ang kasiningan ng tula, na maihahalintulad sa lasa at hipo, hindi lamang sa kanyang panlabas na anyo.

Higit pa rito, pinalawig din ni Martinez (2021), na malinaw na kung maalam sa paggamit ng idyomatiko isang tagumpay ito sa paggamit ng idyomatiko. Kapag ang isang tao ay marunong gumamit ng mga idyomatikong wika, nagiging mas natural, mas malikhain at mas kaakit-akit ang kanyang pagsasalita. Sa pagpapahayag, maging pasalita o pasulat, inilalagay ang sining na nagtatago ng kahulugan sa bawat pahayag gamit ang matatalinghagang salita, na nagbibigay ng kalinawan at lalim sa akdang panitikan

**Implikasyon sa Pagtuturo ng Wika**

Ang pagsusuri ng tula ay nagpapakita ng mataas na antas ng kaalaman, lalo na sa pag-unawa sa tayutay na naglalarawan ng damdamin at pangyayari. Mahalaga ang malawak na kaalaman sa tayutay at iba pang aspeto ng tula upang lubos na maunawaan ang mensahe nito, na nakatutulong sa pagpapaunlad ng malikhaing pag-iisip. Bukod sa estruktura, layon din ng pagsusuri na matuklasan ang nakatagong mensahe at kahulugan ng mga salita, na nagtataguyod ng ugnayan ng mambabasa at makata.

Bagaman sa paggamit ng mga salitang hindi literal ay nagiging mas mahirap itong maunawaan at suriin dahil sa paggamit ng matatalinghagang salita hindi maipagkakailang ito ay nakapagdadala ng makahulugang mensahe o pahayag sa isang akda. Kaya naman, mahalagang yakapin at bigyang pansin ang tayutay upang matawag itong tula dahil sa taglay nitong kariktan, sining at talinghaga.

Mahalagang matutunan ng mga gurong nagtuturo ng Filipino, lalo na sa paksang tayutay, ang mga natuklasan sa pananaliksik na ito. Malaking tulong ang mga datos at impormasyong nakalap upang mapahusay ang kanilang pagtuturo, gawing mas madali ang talakayan, at higit pang paunlarin ang kasiningan sa paglikha at pagsasalaysay ng tula. Magsisilbi rin itong gabay sa diskusyong pampanitikan na naglalayong linangin ang kakayahang pangwika ng mga mag-aaral.

Para naman sa *Commission on Higher Education (CHED)* nakatutulong ito sa pagpapaunlad ng kanilang kurikulum hinggil sa pagpapalawak ng pagsasanay sa tayutay bilang bahagi ng kasanayan na kinakailangang hubugin sa mga mag-aaral. Ito ay magsisilbing gabay ng mga mag-aaral sa paggalugad ng mga akdang pampanitikan at daan upang gawin silang kabahagi sa pagatuyod sa pagpapayabong ng mga panitikan upang maitaguyod at pahalagahan ang kultura sa Pilipinas.

Bukod dito, ang pananaliksik ay nagbibigay ng mahalagang impormasyon sa mga tagapamahala ng paaralan tungkol sa mga kakulangan sa aspeto ng wika at panitikan. Upang mapalakas ang pagpapahalaga at malikhaing kasanayan, maaaring isagawa ang mga aktibidad tulad ng paligsahan sa tula o sanaysay, spoken word poetry, at mga workshop sa pagsusuri ng akdang pampanitikan. Sa pamamagitan nito, matutuklasan nila kung paano higit na matutulungan ang mga guro na maging mahusay sa pagsusuring pampanitikan at mapahusay ang kalidad ng pagtuturo sa Filipino.

**Rekomendasyon para sa Pananaliksik sa Hinaharap**

Kapaki-pakinabang ang pag-aaral na ito sa mga susunod na mananaliksik sa pagkalap ng mga datos at impormasyon na may kaugnayan at koneksyon sa pananaliksik na ito. Maaaring magamit lahat ng impormasyon na maililimbag sa pananaliksik na ito upang payabungin at palawakin pa ang kanilang gagawing pag-aaral higit lalo sa mga uri ng tayutay partikular na ang pinakapokus ng pananaliksik na ito ang mga piling tula ni Jose Corazon de Jesus na may limampu't isang (51) korpora ang sinuri.

Batay sa resulta ng masusing pagsusuri, mahihinuhang matagumpay na nakamit ng mananaliksik ang layunin ng pag-aaral na matukoy ang mga tayutay sa mga piling tula ni Jose Corazon de Jesus at kahulugan nito sa isang tula. Sa katunayan, napagtibay sa pananaliksik na ito ang mga katibayan ng mga tayutay na mababanaag sa bawat tula at nasuri ng mananaliksik gayundin ang kahulugang taglay ng bawat taludtod at saknong batay sa epekto nito sa isang tula.

Gayunpaman, ang resulta ng pananaliksik na ito ay nakatuon lamang sa mga piling tula ni Jose Corazon de Jesus na limitado sa 51 na tula. Kaya naman, upang makakalap pa ng mas malawak na kasagutan sa mga nailatag na katanungan ng pananaliksik, inererekomenda ng mananaliksik sa mga mag-aaral lalong-lalo na sa kumukuha ng medyor sa Filipino na magsagawa ng iba pang pananaliksik na may mas malaking saklaw na hindi nakapokus lamang sa isang makata kagaya na lamang ng iba pang mga akdang panitikan at pagtuklas din ng iba pang mga makata na kilala sa paghabi at paggamit ng matatalinghagang salita upang mapaunlad pa ang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa panitikan. Maaari ring magsuri ang mga mananaliksik sa hinaharap ng mga salitang umuusbong sa mga akdang panitikan kagaya na lamang ng diwa, persona at idyoma.

**Konklusyon**

Mahalaga ang mataas na kaalaman sa wika ng panitikan upang maunawaan ang akdang pampanitikan, kabilang ang mga tayutay na nagbibigay-linaw sa kabuuang kahulugan at mensahe nito. Hindi sapat ang pagtukoy sa mga tayutay; dapat ding mahikayat ang mga mag-aaral na lumikha ng sariling akda

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

tulad ng tula na naglalaman ng matatalinghagang salita upang higit nilang mahasa ang kasanayan sa panitikan.

Sinuri ko ang mga piling tula ni Jose Corazon de Jesus upang maisakatuparan ang pananaliksik na ito, na nagbigay sa akin ng mahahalagang hamon at oportunidad para mapabuti ang kaalaman ko sa tayutay at pagsusuri ng tula. Gumawa ako ng talaan at talahanayan ng mga tayutay batay sa uri at gamit nito bilang pangunahing datos. Kinailangan ng masinsinang pagbabasa at pag-unawa sa bawat saknong at taludtod upang matukoy nang tama ang mga tayutay. Dagdag pa rito, nagsaliksik ako ng karagdagang impormasyon mula sa diksyunaryo upang mapalalim ang pag-unawa sa bawat uri ng tayutay.

Ang ikalawang hamon ay ang pagtukoy kung saang uri ng tayutay kabilang ang isang bahagi ng tula at kung ano ang kapakinabangan nito sa kabuoan ng tula. Dahil hindi ako sanay sa pagbabasa ng mga akda, lalong naging mahirap para sa akin ang proseso ng pagtukoy at pag-uri sa mga tayutay. Dahil narin sa pagkakaroon ng kakulangan sa karanasan sa pagbabasa ng mga tula at iba pang akdang pampanitikan ay nagresulta ito sa mas mahabang oras na aking nagugol sa pagsusuri at pag-aanalisa.

Gayunpaman, sa kabila ng mga hamong kinakaharap ko, ako ay nagtagumpay na masagot ang layunin ng pananaliksik. Ang mga hamong ito ay nagbigay ng oportunidad para sa aking mas malalim na pag-aaral at masusing pagsusuri na nagresulta sa isang mas matibay na pag-unawa sa mga tayutay at epekto nito sa tula. Sa pananaliksik na ito, natutunan ko ang kahalagahan ng masusing pagbasa upang magkaroon ng malalim na pag-unawa at kasanayan sa pagsusuri ng mga elemento ng tula. Natutunan ko rin na ang kaalaman sa pag-aanalisa ng tayutay ay magsisilbing pundasyon para sa mas epektibong pag-aaral at pagsusuri ng panitikan sa hinaharap. Napagtagumpayan at nalampasan ko ang mga hamon sa tulong at gabay ng aking tagapayo at ng lahat na naging parte ng aking mahaba-habang paglalakbay tungo sa tagumpay. Kalakip ang determinasyon at pagsusumikap ay naisakatuparan ko ang pananaliksik na aking napiling simulang pag-aralan at tapusin.

## TALASANGGUNIAN


1. *Agung et al. (2022). Figure of Speech Use in the Song Lyrics of Jhon Legend album "Bigger Love". Ejournal.*
2. *Alejandro, R. (2008). Everyday Tagalog. Revised Copy: Philippine Book Company.*
3. *Almario, V. S. (2006). Pag-unawa sa ating pagtula: pagsusuri at kasaysayan ng panulaang Filipino. Anvil Publishing, Inc.*
4. *Angel, D. J. R. (2019) Kakayahan sa Pagsusuri ng Tula.*
5. *Arenal (2018). Idyomatikong Ekspresyon IV. Idyomatikong-Ekspresyon-I-V.*
6. *Bernales et al. (2018). Batayang Kaalaman sa Pananaliksik at Pagbasa. Studuco.*
7. *Canoy et al. (2022). Pagsusuri Sa Mga Patayutay Na Pahayag Sa Awiting 'Kanlungan' Na Sinulat Ni Romeo Dongeto. Global Scientific Journal.*
8. *Comoda, A. (2020). Ang Antas ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Kolehiyo ng Pangangalakal sa Bukidnon State University sa Pag-aaral ng mga Matatalinghagang Salita. Academia.edu.*
9. *Creswell, J. W. (2007). Qualitative inquiry and research design: Choosing among Five Approaches (2nd ed.). SagePub.*
10. *Creswell, J. W. (2013). Qualitative inquiry and research design: Choosing among Five Approaches (Third ed.). SAGE.*
11. *Creswell, J.W. & Poth, C.N. (2018) Qualitative Inquiry and Research Design Choosing among Five Approaches 4th Edition.*
12. *Czcayzer (2023). GEED10133 Panitikang Filipino. Studylib.*
13. *De Jesus, Jose Corazon. (2015). CulturEd: Philippine Cultural Education Online. Philippine Cultural Education.*
14. *Donovan, M. (2020). Figurative Language in Poetry Writing. Writing Forward.*
15. *Evasco, E. at Ortiz, W. (2018), Palihan: Hikayat sa Panitikan at Malikhaing Pagsulat. (C& EPublishing, 2018).*
16. *Flannery, D. (2020). 'Apostrophe'. In: Rabinowitz, P and Zucca, D, (eds.) The Oxford Research Encyclopedia of Literature. Oxford University Press.*
17. *Gegato, N. (2019). Isang Kwalitibong Pagsusuri ng mga Nilalaman sa mga Piling Kathang Awitin ni George M. Canseco: Lunsaran sa mga Kagamitang Pampagtutu.*
18. *Gertschnig (2022). Rhetorical Questions – Definition, Examples & Meaning.*
19. *Ginanti, I., Nasution, I., & Zein, T. (2022). Stylistics in negeri para bedebah novel (Figure of speech, dictions, morphological). ResearchGate.*
20. *Gule, I. G. (2020). Pagsusuring istaylistiko sa mga piling Hugot Lines ni Bishop Alberto S. UY: Mungkahing disenyo ng aralin. Academe, 17(1), 84–99.*
21. *Gurbanová, L. (2019). Lexical analysis of the lyrics from the album Endless Forms Most Beautiful from Nightwish. Západočeská univerzita v Plzni.*
22. *Keraf, G. (2004). Salin sa akdang, Komposi Sebuah Pengantar Kemahiram Bahasa Jakarta: Nusa Indah. Worldcat.org.*
23. *Kim, E. (2020). Panitikang Filipino Modyul. pdfcoffee.com.*
24. *Lincoln, Y. & Guba, E. (1985). Naturalistic Inquiry (6th ed.). Worldcat.org*
25. *Lumacad, C. (2019). Tayutay Pananaliksik. pdfcoffee.com.*
26. *Mahmud, M. (2016). Doing Discourse Analysis: An Introduction. Phoenix Publisher.*
27. *Martinez, L. (2021). Idyomatiko. Scribd.*
28. *Maula, M. (2013). An Analysis of Figurative Language on the Poems entitled "Classic Poetry Series" By William Blake. CORE.*
29. *Miculob, A. R. (2020). Pagsusuri sa mga Piling Fliptop Lines Nina Abra at Loonie: Mungkahing Disenyo Ng Aralin. Academe, 17(1), 54–83.*
30. *Mueller, L. (2024). The 12 types of Figurative Language. Skillshare Blog.*
31. *Nordquist, R. (2020). The top 20 figures of speech. ThoughtCo.*
32. *Nuraeni et al. (2017). Figurative language in Kelly Darrow's selected poetry. Wanastra, 9(2), 122–129.*
33. *Nusri (2022). Euphemism in Tempo.Co's articles: Sociolinguistics Approach – UPB Repository.*
34. *Rebamonte, G. (2021). Mga Piling Talumpati ni Benigno C. Aquino III: Kontekstuwal na Pagsusuri. LPUB Research.*
35. *Regmi, L. R. (2015). Analysis and Use of Figures of Speech. Journal of NELTA Surkhet.*
36. *Rejeki et al. (2022) The Figurative Language Used in Ayu Meutia's Poetry Tigress Based on Gibbs & Colston's Theory. Journal UPGRIS.*
37. *Sa'idah et al. (2024). A Stylistic Analysis of Figurative Language and Its Functions in the Four (Deluxe) Album by One Direction. ResearchGate.*
38. *Salameh, F. A. (2012). Some problems students face in English Poetry in Jordan: A Corpus-Driven Study of Students' Responses.*

*International Forum of Teaching and Studies. International Forum of Teachings and Study, Vol. 8 No. 2.*

39. *Santiago, A. O. (2003). Sining ng pagsasaling-wika sa Filipino mula sa Ingles. Rex Bookstore, Inc.*
40. *Somers, J. (2020). Anadiplosis: definition and examples. ThoughtCo.*
41. *Sonia, R. (2020). An analysis of figurative language in poetry entitled mending wall by Robert frost. Repository Universitas Islam Riau.*
42. *Suico, L. S. (2016). Pagpapalawak ng kakayahan sa pagsusuri ng maikling kwento at tula. Scribd.*
43. *Thorne, S. (2000). Data analysis in qualitative research. Evidence-Based Nursing, 3(3), 68–70.*
44. *Tulsian, K. (2023). Discover the hidden benefits of teaching figurative language. Kirsten's Kaboodle.*
45. *Turner, L.T. (2019). What's the Purpose of Figurative Language? Education - Seattle PI.*
46. *Valle, R. (2019). TAYUTAY – mga iba't ibang uri at halimbawa ng mga uri. PhilNews.*
47. *Vega (2017). Kahulugan at Kahalagahan ng Panunuring Pampanitikan; Katangian ng isang Mahusay na Kritiko.*
48. *Zarate, M., et al. (2019). Review of English literature on figurative language applied to social networks. Springer.*